Dalumat: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Pilipino

Volume 8 | Number 1 Article 1

4-10-2022

# Ang Zoom Bilang Platapormang Pang-edukasyon sa Pagtuturo ng Wika: Mga Repleksiyon at Rekomendasyon Mula sa Sistematikong Rebyu ng mga Literatura

Jay Israel B. De Leon
*De La Salle University*, jay.deleon@dlsu.edu.ph

Oliver Z. Manarang
*Holy Family Academy - Angeles City*, manarangoliver@gmail.com

Nixon Paul J. Sumaoang
*Operation Brotherhood Montessori Center*, sumaoangnixon@gmail.com

Follow this and additional works at: https://animorepository.dlsu.edu.ph/dalumat

Part of the Education Commons, and the Social and Behavioral Sciences Commons

Recommended Citation
De Leon, Jay Israel B.; Manarang, Oliver Z.; and Sumaoang, Nixon Paul J. (2022) "Ang Zoom Bilang Platapormang Pang-edukasyon sa Pagtuturo ng Wika: Mga Repleksiyon at Rekomendasyon Mula sa Sistematikong Rebyu ng mga Literatura," *Dalumat: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Pilipino*: Vol. 8: No. 1, Article 1.
DOI: https://doi.org/10.59588/2094-4187.1005
Available at: https://animorepository.dlsu.edu.ph/dalumat/vol8/iss1/1

This Academic paper is brought to you for free and open access by the DLSU Publications at Animo Repository. It has been accepted for inclusion in Dalumat: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Pilipino by an authorized editor of Animo Repository.

DALUMAT
E-JOURNAL

# ANG ZOOM BILANG PLATAPORMANG PANG-EDUKASYON SA PAGTUTURO NG WIKA: MGA REPLEKSIYON AT REKOMENDASYON MULA SA SISTEMATIKONG REBYU NG MGA LITERATURA

*Zoom as an Educational Platform in Language Teaching: Reflections and Recommendations from a Systematic Review of Literature*

**Jay Israel B. De Leon**
*La Salle Green Hills*
*jayisraeldeleon@gmail.com*

**Oliver Z. Manarang**
*Holy Family Academy - Angeles City*
*manarangoliver@gmail.com*

**Nixon Paul J. Sumaoang**
*Operation Brotherhood Montessori Center*
*sumaoangnixon@gmail.com*

**Abstrak**

Noong Marso 16, 2020, isinailalim sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) ang maraming lugar sa Pilipinas dahil sa panganib na dulot ng pandemyang COVID-19. Nagsanhi ito sa pagkaantala ng maraming gawaing panlipunan kabilang na ang pagpasok sa eskuwelahan. Sa ganitong panahon, kinailangang makaagapay ang sistema ng edukasyon. Mula sa tradisyunal na klaseng face-to-face, hiningi ng pagkakataong gamitin ang iba't ibang modalidad ng remote learning. Nilayon ng papel na itong talakayin ang potensiyal ng videoconferencing application na Zoom bilang plataporma ng pagtuturo at pagkatuto ng wika sa birtuwal na silid-aralan. Sa pamamagitan ng sistematikong rebyu ng literatura, pinagnilayan ng papel ang mga karanasan ng ibang bansa sa pagdidisenyo ng isang online na klaseng pangwika na gumagamit ng videoconferencing. Sa dulo, nagmungkahi ang papel ng mga gawaing maaaring iangkop ng mga guro ng wika sa kanilang pagtugon sa mga kahingian ng online na pagtuturo.

**Mga susing salita:** Zoom, videoconferencing, online learning, pagtuturo ng wika, sistematikong rebyu ng literatura

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

***Abstract***

*On March 16, 2020, Enhanced Community Quarantine (ECQ) was imposed on many parts of the Philippines because of the threat posed by the COVID-19 pandemic. This resulted in the interruption of many social activities, including going to school. In times like this, the system of education needed to adapt. From the traditional face-to-face classes, the situation required a shift to the different modalities of remote learning. This paper aimed to discuss the potential of the videoconferencing application Zoom as a platform for teaching and learning language in a virtual classroom. Through a systematic review of literature, the paper reflected on the experiences of other countries in designing an online language class that used videoconferencing. In the end, the paper recommended activities that can be adapted by language teachers in response to the demands of remote learning.*

***Key words:*** *Zoom, videoconferencing, online learning, language teaching, systematic review of literature*

## Pagtataguyod ng Edukasyon sa Gitna ng Pandemya sa Pamamagitan ng Teknolohiya

Nakikipagbuno ngayon ang buong mundo sa pandemyang kumitil na sa buhay ng milyon-milyong katao at patuloy na nagpapahirap sa napakaraming indibidwal. Ang COVID-19 ay isang sakit sanhi ng novel coronavirus na kinilala rin sa mga katawagang SARS-CoV-2 at 2019-nCoV. Ang coronaviruses (CoVs) ay isang malaking pamilya ng mga virus, na ang ila'y nagdudulot ng mga komplikasyon sa paghinga ng mga tao, mula sa karaniwang sipon hanggang sa mas bihira at malubhang sakit tulad ng severe acute respiratory syndrome (SARS) at Middle East respiratory syndrome (MERS) na kapwa nagsanhi na ng maraming pagkamatay sa buong mundo. Ang mga unang kaso ng COVID-19 sa tao ay naiulat sa Wuhan City, China, noong Disyembre 2019. Noong 31 Disyembre 2019, nang unang iniulat ito ng mga awtoridad ng China sa World Health Organization (WHO), ganap na ang naging pagkalat nito (Brahma et al., 2020). Mula noon, nagsimula na ang pagkalat ng naturang sakit sa iba't ibang dako ng mundo. Sa patuloy na paglaganap ng virus, nagkaroon na rin ito ng iba't ibang baryant, katulad ng Alpha, Beta, Gamma, Delta, Omicron, Lambda, at Mu (WHO, 2022a).

Maaaring maipasa nang tao-sa-tao ang COVID-19. Ipinakikita ng mga kasalukuyang pag-aaral na kumakalat sa mga taong may malapitang kontak ang virus. Maaari itong maipasa mula sa bibig o ilong ng taong may impeksiyon sa pamamagitan ng maliliit na liquid particles kapag siya'y umubo, bumahing, nagsalita, kumanta, o huminga (WHO, 2021a). Maaari namang makuha ng isang tao ang virus kapag ang nakahahawang particles na dumadaan sa hangin ay nalanghap sa loob ng maikling distansiya (kadalasang tinatawag na short-range aerosol o short-range airborne transmission) o kapag ang nakahahawang particles ay nagkaroon ng direktang kontak sa mga mata, ilong, o bibig (tinatawag na droplet transmission) (WHO, 2021b). Nasa panganib ng mas malulubhang epekto ng COVID-19 ang matatandang may edad 60 pataas, at mga taong mayroon pang ibang sakit katulad ng high blood pressure, problema sa puso at baga, diabetes, obesity, o cancer (WHO, 2021b). Upang maiwasan ang impeksiyon, inirerekomenda ng mga pangkalusugang awtoridad ang pisikal na pagdistansiya, contact tracing, pagsusuot ng face mask, pinabuting sistema sa kalusugan, palagiang

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

paghuhugas ng kamay, at paglilinis (WHO, 2020). Ayon sa WHO (2022b) noong 13 Pebrero 2022, may naitala nang 409 milyong kaso ng COVID-19 sa buong mundo, kung saan hindi lalagpas sa 5.8 milyon ang namatay. Sa Pilipinas, may naitala nang 3,637,280 kaso ng COVID-19 noong 13 Pebrero 2022 kung saan 81,394 ay aktibo (DOH, 2022).

Nagdulot ng malawakang pagkagambala at pagkabahala ang pandemyang COVID-19 sa halos lahat ng sektor ng lipunan. Nagkaroon ng paghihigpit sa paglalakbay (Chinazzi et al., 2020), isinara ang maraming paaralan (Viner et al., 2020), nakaranas ng resesyong pang-ekonomiya ang buong mundo (Fernandes, 2020), umigting ang rasismo (Habibi et al., 2020), at lumaganap ang maraming maling impormasyon at kontrobersiya (Enitan et al., 2020). Ilan lamang ito sa mga negatibong epekto ng COVID-19. Sa kabila nito, may mga bakuna nang nadebelop upang labanan ang COVID-19. Sa Pilipinas, mayroon na ring iba't ibang brand ng bakuna katulad ng CoronaVac (Sinovac), Pfrizer-BioNTech, Oxford-AstraZeneca, Gamaleya Sputnik V, Johnson and Johnson's Janssen, Bharat BioTech, Moderna, at Sinopharm (DOH, 2021). Gayunman, sinasabi ng mga eksperto na kailangan nating mabuhay kasama ang virus dahil patuloy itong nagbabago. Ito ang sinasabi nilang "bagong kagawian" ("new normal") (Denworth, 2020).

Sa tala ng UNESCO (2020), ipinasara ng halos lahat ng bansa sa buong mundo ang mga institusyong pang-edukasyon dahil sa banta ng COVID-19. Naapektuhan nito ang higit 28 milyong mag-aaral sa Pilipinas at 1.2 bilyong mag-aaral sa buong mundo. Dahil sa mga hakbang tulad ng community lockdown at community quarantine sa maraming bansa, napilitan ang mga estudyante at guro na ipagpatuloy ang edukasyon sa kani-kanilang mga tahanan sa tulong ng iba't ibang platapormang online. Gayunpaman, kaakibat ng implementasyon ng online na pagkatuto ang iba't ibang panganib, suliranin, at mga hamon sa mga estudyante at guro, lalo na sa higher education institutions (HEIs) (Bao, 2020). Bilang tugon, nagpasya ang mga opisyal sa sektor ng edukasyon na magsagawa ng mga hakbang upang makaangkop sa bagong kagawian ng edukasyon. Sa pangunahing edukasyon, magpapatupad ang Deparment of Education (DepEd) ng Learning Continuity Plan (LCP) na magiging epektibo sa taong pampaaralan 2020-2021 (DepEd, 2020). Para naman sa sektor ng lalong mataas na edukasyon, nagbigay ang Commission on Higher Education (2020) ng akademikong kalayaan sa mga HEIs na ipatupad ang distance learning, e-learning at iba pang alternatibong pamamaraan sa pagkatuto ng kanilang mga estudyante. Maraming kolehiyo at pamantasan ang magpapatupad ng kani-kaniyang patakaran tungkol sa pagbubukas ng bagong taong pampaaralan.

Sa ganitong kahingian ng mundo, hinihikayat ang mga gurong gumamit ng teknolohiya upang maipagpatuloy ang edukasyon kahit wala sa silid-aralan. Upang makatulong sa pagpapasya sa teknolohiyang pipiliin para sa distance education, maaaring gamitin ang modelong ACTIONS ni Bates (2005). Binubuo ito ng mga tanong na dapat sagutin ng mga institusyong nais gamitin ang teknolohiya para sa edukasyon (tingnan ang Talahanayan 1). Isa sa mga umuusbong na aplikasyon sa Pilipinas na ginagamit para sa online na pagkatuto ang Zoom. Nilikha noong 2011 ang Zoom Video Conferencing (Maldow, 2013), ngunit noong Enero 2013 lamang nagkaroon ng akses ang publiko sa bersiyon nitong Zoom 1.0 (Kent, n.d.). Sa loob ng limang buwan, agad na lumobo ang bilang ng mga gumamit ng Zoom sa isang milyong indibidwal. Sa puntong ito, nagamit na ang Zoom bilang isang mature videoconferencing. Noong Abril 2019, naging lubusan nang pampubliko ang Zoom, at agad na umakyat ang *stock* ng Zoom mula 36 milyong dolyar patungong 104.49 milyong dolyar (Kent, n.d.). Magagamit ang Zoom para sa maraming gawain tulad ng videoconferencing, online meetings, at mobile collaboration. Ang videoconference ay isang uri ng pagtatagpo at komunikasyong online



Published by Animo Repository, 2022

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

kung saan nakapagbabahagi ang mga kalahok ng kanilang biswal at tunog sa iba pang kalahok. Ang mga rehistradong user ng Zoom ay maaaring magpadala ng files, slides, mga imahen at mga teksto (Krutka & Carano, 2016). Ayon kina Adenegan at Abiodun (2018) ang Zoom ay isang sopistikadong aplikasyon na sapat upang masakop ang pangangailangan ng iba't ibang pangkat at mga pangangailangan ng mga kurso sa iba't ibang larang ng pagtuturo. Halimbawa, sinasabi ni Ayoub (2019) sa kaniyang pag-aaral na napaghuhusay ng mga sesyon sa Zoom ang mga estudyante ng English as Foreign Language (EFL) sa Bekaa, isang pamantasan sa Lebanon. Sinusuri naman ni Guzacheva (2020), ang bisa ng Zoom bilang plataporma ng distance learning para sa mga mag-aaral ng medisina. Lumilitaw sa maraming pag-aaral na nakatutulong ang Zoom na paglapitin sa espasyong birtuwal ang mga estudyante at kanilang guro kahit pa ilang libong milya ang layo nila sa isa't isa. Matapos ang maraming taon, ngayon pa lamang talaga nadidiskubre at ginagamit ng maraming tao ang aplikasyon na Zoom.

**Talahanayan 1**

*ACTIONS Model*

| **Pamantayan** | **Mga Tanong** |
|---|---|
| **Access** | How accessible is a particular technology for the targeted learners? |
| **Costs** | What is the cost structure of each technology? |
| **Teaching and learning** | What kinds of learning are needed? What instructional approaches will best meet these needs and what are the best technologies for supporting this teaching and learning? |
| **Interactivity and user-friendliness** | What kind of interaction does this technology enable? How easy is it to use? |
| **Organizational issues** | What are the organizational requirements and the barriers to be removed, before this technology can be used successfully? What changes in an organization need to be made? |
| **Novelty** | How new is this technology? |
| **Speed** | How quickly can courses be mounted with this technology? How quickly can materials be changed? |

Sanggunian: Bates, A. W. (2005). *Technology, E-Learning, and Distance Education* (2nd ed). New York: Routledge.

Dahil sa banta ng COVID-19, lalong lumaganap ang paggamit ng videoconferencing. Sa katunayan, bago pa man ang pandemya, 10 milyong tao ang gumamit ng Zoom para sa mga miting bago matapos ang taong 2019 (Wiederhold, 2020; Iqbal, 2020). Noong 2020, bago pa man matapos ang buwan ng Abril, ang gumagamit ng Zoom ay lumobo na sa 300 milyon (Morris, 2020; Iqbal, 2020). Ayon kay Iqbal (2020), kahit na patuloy ang pagsikat ng Zoom, ngayong may COVID-19 na pandemya lang talaga pumasok ang aplikasyon sa pampublikong kamalayan. Sa Zoom kumapit at bumaling ang mga taong nangangailangang makipag-ugnayan sa gitna ng lockdown upang

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

maiwasan ang pagkalat ng sakit. Pinatutunayan ng mga datos ang pandaigdigang kasikatang ng Zoom (tingnan ang Talahanayan 2, 3, at 4). Samantala, sa isang sarbey kung ano ang pinakasikat na video messaging tool sa bawat bansa sa Asya, lumabas na ang nangunguna sa bansang Pilipinas ay Zoom (Newsbytes, 2020). Bukod sa remote learning na isinasagawa na sa ilang paaralan, ginagamit na sa Pilipinas ang Zoom sa iba't ibang gawain, tulad ng mga webinar (web seminar) at mga palabas pantelebisyon.

**Talahanayan 2**

*Zoom peak daily meeting participants*

| Buwan at taon | Bilang ng mga kalahok kada araw |
|---|---|
| **Disyembre 2019** | ~ 10 milyon |
| **Marso 2020** | 200 milyon + |
| **Abril 2020** | 300 milyon + |

Sanggunian: Iqbal, M. (2020). *Zoom Revenue and Usage Statistics* (2020). BussinessofApps. https://www.businessofapps.com/data/zoom-statistics/

**Talahanayan 3**

*Zoom total meeting participants*

| Buwan at taon | Kabuuang bilang ng mga kalahok |
|---|---|
| **Mayo 2013** | 1 milyon |
| **Hunyo 2014** | 10 milyon |
| **Pebrero 2015** | 40 milyon |

Sanggunian: Iqbal, M. (2020). *Zoom Revenue and Usage Statistics* (2020). BussinessofApps. https://www.businessofapps.com/data/zoom-statistics/

**Talahanayan 4**

*Zoom daily downloads*

| Buwan at taon | Kabuuang bilang ng downloads |
|---|---|
| **Enero 2020** | 56,000 |
| **Pebrero 2020** | 1.7 milyon |
| **Marso 2020** | 2.13 milyon |

Sanggunian: Iqbal, M. (2020). *Zoom Revenue and Usage Statistics* (2020). BussinessofApps. https://www.businessofapps.com/data/zoom-statistics/

## Layunin ng Pag-aaral

Sa pangkalahatan, nilayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang pinakamaiinam na praktis sa paggamit ng Zoom bilang platapormang pang-edukasyon sa pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng sistematikong rebyu ng mga literatura at kaugnay na mga pag-aaral. Sa ganitong kalikasan ng asignaturang pinili para sa pananaliksik na ito, may mga natatanging konsiderasyon ang mga guro ng wika sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, lalo na't sangkot sa pag-aaral ng wika ang mga kompetensiya ng pagbasa, pagsulat, at pagbigkas na hindi saklaw ng iba pang asignatura. Sa partikular, sinagot ng pag-aaral ang mga sumusunod na tanong: (1) Paano nagiging mabisa ang video classroom o videoconference tool sa pag-aaral ng wika? (2) Ano-anong isyu at suliranin ang maaaring kaharapin ng mga guro sa wika sa paggamit ng videoconference tool bilang plataporma ng pagtuturo? (3) Paano mapakikinabangan ang mga fityur ng Zoom sa pagtatamo ng mga kompetensiya sa pag-aaral ng wika?

## Metodolohiya

Nagsagawa ang mga mananaliksik ng sistematikong rebyu ng literatura tungkol sa paggamit ng videoconferencing sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Mula sa pagsusuri ng mga artikulong saklaw ng rebyu,

nagmumungkahi ang pag-aaral na ito ng isang disenyong maaaring gamitin ng mga guro ng wika sa paggamit ng Zoom sa kanilang pagtuturo. Inangkop ng mga mananaliksik ang mga hakbang ni Nuncio (2019) sa isinagawa niyang sistematikong rebyu ng literatura tungkol sa mga benepisyo ng information and communications technology (ICT) para sa edukasyon, adiksiyon sa paggamit ng Internet at Facebook, at mga banta at panganib ng pagsasamantalang seksuwal at pang-aabuso sa kabataan online: (1) pagpili ng database, (2) pagtukoy ng mga terminong gagamitin sa paghahanap, (3) pagbubuo ng kraytirya sa pagpili ng mga tekstong susuriin, (4) pagsasagawa ng abstract analysis upang maalis ang mga tekstong hindi isasama sa pagsusuri, at (5) pagsasagawa ng content analysis o pagbabasa ng mga tekstong napili.


Naghanap ang mga mananaliksik sa tatlong database: Scopus, ScienceDirect, at EBSCOhost. Kabilang ang mga ito sa apat na database na ginamit nina Uzunboylu at Ozcinar (2009) sa kanilang isinagawang citation analysis ng mga pag-aaral na kaugnay ng computer-assisted language learning (CALL) mula 1990-2008. Ayon kay Levy (1997), ang CALL ay “paghahanap sa at pag-aaral ng mga aplikasyon ng computer sa pagkatuto at pagtuturo ng wika” (p. 1, amin ang salin). Sa ganang ito, napapaloob sa larang ng CALL ang paksa ng pag-aaral na ito. Ilan sa mga kalakasan ng mga napiling database ang dami ng artikulong saklaw at pagiging multi- at interdisiplinaryo ng mga ito. Hindi na isinama ang Web of Science sapagkat walang akses ang mga mananaliksik sa naturang database. Pumili lamang din ng mga partikular na database sa EBSCOhost upang makatiyak na makabuluhan sa paksa at mga layunin ng pag-aaral ang mga lilitaw na artikulo mula sa paghahanap: Academic Search Complete, Computer Source, ERIC, Research Starters - Education, at Teacher Reference Center.

Upang matukoy ang mga terminong gagamitin sa paghahanap, inilista ng mga mananaliksik ang mga salitang kasingkahulugan o kaugnay ng dalawang pangunahing susing salita ng pananaliksik: “videoconferencing” at “language learning”. Limang salita ang inilista: “videoconferencing,” “videotelephony,” “language,” “learning,” “teaching.” Gumamit ang mga mananaliksik ng Boolean operators upang maging mas sistematiko ang paghahanap sa mga database. Dalawang Boolean operators ang ginamit: AND (para pagsama-samahin ang mga salitang nais lumitaw sa paghahanap) at OR (para pagsama-samahin ang mga salitang magkakaugnay o magkakasingkahulugan). Nagresulta ito sa search string na: (videoconferencing OR videotelephony) AND language AND (learning OR teaching).

Gumamit ang mga mananaliksik ng advanced search na pipili lamang sa mga tekstong nakatutugon sa mga sumusunod na pamantayan: (1) artikulo mula sa iskolarling dyornal, (2) inilathala noong 2011-2020, at (3) open/full text access (maliban sa ScienceDirect na nangangailangan ng mano-manong pagtukoy ng mga artikulong open/full text access). Pagkatapos nito, nagsagawa ang mga mananaliksik ng abstract analysis upang maalis ang mga sumusunod: (1) artikulong duplikeyt (lumitaw na sa resulta ng paghahanap sa iba pang database), (2) hindi nakasulat sa wikang Ingles, at (3) hindi isang primaryang pag-aaral tungkol sa aktuwal na karanasan sa pagtuturo gamit ang anomang videoconferencing application. Halaw sa flow diagram ng pag-aaral ni Nuncio (2019), ipinapakita ng Pigura 1 ang kabuuang daloy ng isinagawang sistematikong pagpili ng literatura noong Agosto 2020.

**DALUMAT E-JOURNAL**
**Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1**

**Pigura 1**
*Flow diagram ng sistematikong pagpili ng literatura*



DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

## Rebyu ng Kaugnay na Literatura

*Computer Assisted Language Learning: Tulay sa Makabagong Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika*

Kambal na ng paglipas ng panahon ang pagbabago ng mga bagay-bagay. Kahit sa aspektong pang-edukasyon, hindi maitatatwa ang pag-usbong ng ilang makabagong paraan ng pagtuturong nagmula sa mga natatanging imbensiyon ng tao. Malaki ang impak sa kasalukuyan ng teknolohiya lalo na sa paglalapat nito sa edukasyon. Mahirap na ngayong makahanap ng isang silid-aralan na kung saan ang mga mag-aaral ay hindi gumagamit ng teknolohiya ng kompyuter (Budiman, 2020). Dagdag pa rito, gamit na gamit din ng karamihan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ang Facebook, YouTube, Instagram, Twitter, at LinkedIn, na kadalasan na ring nagagamit ng mga guro sa pagtuturo sa loob at labas ng klase.

Ayon kay Budiman (2020), ang Information and Communications Technology (ICT) ay masasabing isa nang integral na komponent ng programang pampagkatuto sa larangan ng edukasyon sa pangkasalukuyang panahon. Maaaring pumili ang mga guro ng programa, aplikasyon, o website sa pagtulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa magkakaibang paraan. Maaaring makabuo ang mga guro gamit ang ICT ng mga aktibidad na magtutulak sa mga mag-aaral na magbasa, magbigay-tugon, at makisalamuha sa kanilang mga kamag-aral sa pamamaraang digital. Ngunit upang maayos na maisakatuparan ang mga nabanggit na ideya, bago isalang ang guro at mag-aaral sa aktuwal na online na klase, marapat lamang na bigyan sila ng pagsasanay sa kung paano gagamitin ang iba't ibang materyales na may kaugnayan sa espesipikong aplikasyon o teknolohiyang gagamitin (Wang & Nian-Shing, 2011).

Isa sa mga benepisyong nailatag ng ICT ay ang videoconferencing. Iniaalok ng videoconferencing ang isang aktuwal na pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa kanilang klase (Butler & Fawkest, 2007). Bago ito makamit, nangangailangan munang mag-invest sa mga materyales na gagamitin sa online na klase upang maranasan at magkaroon ng kakayahang makibahagi sa klase. Dahil sa pagiging high-tech ng synchronous cyber classroom, may pagkakataon na nahihigitan pa nito ang ilang kompetensiyang nakukuha sa loob ng silid-aralan (Wang & Nian-Shing, 2011). Ayon kay Al-Samarraie (2019), ang videoconferencing ay sadyang nakatutulong sa pagbuo ng interaksiyon sa pagitan ng guro at mag-aaral lalo na kung hindi posible ang aktuwal na pagkikita.

Sa ganang ito, nakilala ang Zoom, isang videoconferencing application na naglalatag ng maraming benepisyo tulad na lamang ng pagiging aksesibol nito sa mga guro at mag-aaral. Maaaring makapagsagawa ng aktuwal na pag-aaral at pagtuturo nang hindi iniisip ang pagsasama-sama sa isang silid. Makikita rin ang agarang pagbibigay ng feedback at mabilis na pakikipag-ugnayan sa iba. Nabibigyan ng oras ang mga mag-aaral na pagnilayan ang kanilang mga ideya bago isend sa kanilang klase (Ayoub, 2019). Ayon kina Prado & Taisa (2020), kahit walang guro, nagagamit ang Zoom bilang tulay ng mga mag-aaral sa pagsasakatuparan ng mga kolaboratibong takdang-aralin. Dahil sa pagiging bago, nahuhubog ng Zoom ang kaisipan ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng motibasyon sa pagkatuto. Natutulungan din nito ang marami na maunawaan ang responsibilidad ng bawat isa sa kanilang pansariling pagkatuto.

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

Dito na pumapasok ang computer-assisted language learning (CALL) o paggamit sa teknolohiya ng kompyuter bilang tulay sa pag-aaral ng wika. Ayon kay Guichon (2010), nakatutulong ang teknolohiya sa online na klase sa pagbuo ng isang malinaw na paraan ng talakayan at paglalatag ng aralin lalo na kung ito ay tungkol sa pag-aaral ng wika. Nagkakaroon ng pagkatuto ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsasagawa ng interaksiyon sa bawat isa, gayundin ang pagbibigay ng agarang komento, at pagpapaliwanag ng kanilang sariling mga ideya sa pamamaraan online.

Sa paggamit ng Zoom sa pagtuturo ng wika, nahihikayat ang mga mag-aaral na magtanong tungkol sa pagbuo ng kanilang mga pangungusap na may wastong estruktura gayundin ang pagiging babad ng mga mag-aaral sa pakikinig na maaaring makatulong sa kanila sa pagwawasto ng sariling gawain o proyektong pangwika (Ayoub, 2019). Nakababawas din sa pagkabalisa ng mga mag-aaral ang mabilisang pagbibigay feedback ng guro at kakayahang nilang makipagbahagian sa kanilang mga kamag-aral ng kanilang mga pansariling ideya at nararamdaman (Chen & Lee, 2011).

Sa papel na ito, sinusuri ang benepisyong maaaring maibigay ng paggamit ng isang espesipikong plataporma ng CALL—ang videoconferencing sa pamamagitan ng Zoom—sa pagtuturo at pagkatuto ng wika.

*Ang Paglalangkap ng Zoom at Tradisyunal na Pagtuturo ng Wika*

Nasanay na ang maraming guro sa tradisyunal na metodo ng pagtuturo ng wika, kaya hindi pa masasabing matagumpay ang implementasyon ng digital na pagkatuto sa buong mundo. May pag-aalinlangan pa ang ibang guro sa paggamit ng teknolohiyang ihahalili sa kanilang nakagawiang pagtuturo (Budiman, 2020). Dahil sa kawalan ng kahandaan sa online na pagtuturo, iilan lamang sa mga guro ang may lakas ng loob na gamitin ang ilang videoconferencing application tulad ng Zoom. Batay sa pananaliksik nina Dias et al. (2020), nakadaragdag sa negatibong impresyon sa paggamit ng Zoom sa pagtuturo ang kawalan ng mabilis na koneksiyon sa internet, isyu sa seguridad, limitadong paraan ng pagtuturo, at ingay sa bakgrawnd.

Sa kabila ng mga nabanggit na kahinaan, hindi pa rin maitatatwa ang katotohanang may maitutulong pa rin ang teknolohiya sa pagtuturo ng mga guro. Ayon kay Dela Rosa (2016), kayang ibigay ng CALL ang espasyong lingguwistika na makatutulong sa mga mag-aaral na lubos na maunawaan ang pag-aaral ng wika. Tanging ang guro, mag-aaral, at ang wika ang mahahalaga sa prosesong ito. Tanging gampanin lamang ng guro ay ang pagpili sa tamang tool na kaniyang gagamitin upang lubusang maipaliwanag sa mga mag-aaral ang proseso ng pagkatuto ng wika (Jamieson & Chapelle, 2010).

Ayon kina Stockwell & Hubbard (2013), narito ang mga prinsipyong marapat tandaan ng mga guro sa paggamit ng mobile language learning activity: 1) marapat na huwag gawing komplikado ang mga aktibidad, gawin itong simple ngunit makabuluhan; 2) turuan ang mga mag-aaral kung paano gagamitin ang aplikasyong napili sa pag-aaral ng wika; 3) kailangang isaalang-alang ang kalagayan ng mga mag-aaral, kung ano ang kanilang kakayahan, at kapasidad sa buhay. Dito pumapasok ang paggamit sa Zoom bilang isang kagamitan sa pagtuturo ng wika. Isang tagumpay na maituturing ang paggamit sa ilang kagamitang synchronous tungo sa pagtuturo at pagkatuto ng wika (Wang & Nian-Shing, 2011).

Madaling mailalapat ang tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng wika sa Zoom. Tulad ng nakagawian, hindi maaalis ang mga panimulang kombersasyon. Ang pagiging maalam ng guro sa iba't ibang salik sa

pagtuturo online ang siyang daan sa isang matagumpay na diskusyon sa klase. Marapat na sistematikong maisaalang-alang ang pamamaraan kung paano maisasalin ang mga tradisyunal na paraan ng pagtuturo tungo sa birtuwal na talakayan (Guichon, 2010).

Ayon kay Wang (2006), sa pagtuturo ng wika, marapat na tukuyin ang sakop ng araling pangwika na bibigyang diin sa talakayan upang hindi mapabayaan ang pangunahing kasanayang nais maituro sa mga mag-aaral. Mas mainam kung magagamit ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay ang mga gagamiting lunsaran at halimbawa. Hindi mainam ang sobrang haba o kaya'y napakaikling aralin. Nakatutulong ang pagiging sistematiko sa pagbibigay ng mga aktibidad na naglalayong mahikayat ang mag-aaral na kumilos para sa kaniyang pansariling pagkatuto; mas mainam kung gagamitin bilang lunsaran ang mga tipikal na pahayag na ginagamit sa pang-araw-araw. Sa ganang ito, makakukuha ng ideya ang bawat guro kung paano maisasalin nang maayos ang tradisyunal na pagtuturo ng wika tungong CALL, partikular na lamang sa paggamit ng Zoom.

*Ang Pagtalakay sa Tradisyunal na Pagtuturo ng Wika sa Pilipinas: Kaso ng Filipino*

Nakakapit na sa mentalidad ng mga Pilipino na makaluma o kaya naman ay tradisyunal palagi ang pagtuturo sa asignaturang Filipino sa mga paaralan. Akala madalas ng marami ay patungkol lamang ang asignaturang Filipino sa malalimang pananagalog. Taliwas sa pahayag ni Reyno (2018), "Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay higit sa pagtuturo lamang ng kaalamang balarila o gramatika at pag-unawa sa akdang binasa. Hindi nagtatapos ang kaalaman sa pagbuo ng wasto at makabuluhang pangungusap at pagsagot sa mga kasanayan sa pagbasa. Ang Filipino bilang asignatura ay pagpapalalim ng ating wika at kultura." Ito ay isang patunay na hindi lamang nagtatapos sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, at pagsasalita, (alinsunod sa mga kompetensiyang itinalaga ng DepEd) ang pagkatuto sa wikang Filipino, sapagkat ang pinakamaituturing nitong produkto ay kung paano maisasabuhay ng bawat mag-aaral na Pilipino ang kanilang pagmamahal sa kanilang sariling wika.

Ayon kay Zafra (2016), sa mga klase sa Filipino sa elementarya at hayskul, karaniwang nakatampok sa pagtuturo ng wika ang dalawang larang: wika at gramatika o balarila, at wika at komunikasyon. Sa wika at gramatika, karaniwang nagiging layunin ng pagtuturo ang ipaliwanag ang katangian ng iba't ibang bahagi ng wika at ang mga tuntunin sa paggamit nito. Tinatalakay dito ang alpabeto, mga tunog, pagbubuo ng salita, pagbubuo ng pangungusap, at pagpapakahulugan. Sa wika at komunikasyon naman, karaniwang layunin ng pagtuturo ang ipaliwanag ang mabisang paggamit ng wika para sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, pasalita at pasulat. Madalas na lumilikha sa loob ng silid-aralan ng iba't ibang komunikatibong sitwasyon para mahasa ang estudyante sa mabisang pakikipag-ugnayan gamit ang wika. Ang mga nabanggit na kagawian ay mga parte na ng tradisyunal na pagtuturo ng Filipino sa loob ng silid-aralan. Madalas, walang kaugnayan dito ang teknolohiya. Makikita na napakalaki ng gampanin ng guro sa ganitong set-up sapagkat nasa kaniyang mga palad ang magiging ikot ng diskusyon at pagkatuto ng bawat mag-aaral.

Sa pagsulat ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino, inilatag sa aksiyong-pananaliksik ni Cabigao (2013) ang sumusunod na suliraning kinahaharap ng mga guro: 1) kawalan ng sariling interes at/o pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pagsulat; 2) kakulangan ng sapat na oras sa mga gawain sa pagsulat sa loob ng paaralan; 3) kakulangan ng sapat na oras ng guro sa pagsubaybay sa mga gawain sa pagsulat ng mga mag-aaral sa loob at labas ng paaralan. Nakikita ng mga mananaliksik na malaki ang maaaring maitulong ng CALL sa pagresolba ng suliraning ito. Maaaring makatulong ang

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

teknolohiya sa pagbuo ng organisasyon ng gawain na naglalayong magabayan ang mga mag-aaral sa mga panuto at proseso ng pagsulat sa kahit anong oras.

Isang praktikal na paraan naman upang maumpisahan sa akademya ang kamulatan at kasanayan sa paggamit ng sariling wika ang pagbibigay suporta sa mga proyektong ginagamit ang wikang Filipino. Unang-una na ang pagsasalin ng mga banyagang babasahin sa ating wika. Ang isa pa ay ang paggawa ng mga abstrak ng mga literaturang Ingles. Ang pinakamataas na layunin ay ang pagbubuo ng teoryang katutubo sa sariling wika na siyang magiging matibay na pundasyon ng iba pang proyektong pangwika (Bautista, 1991). Kung maisasakatuparan ang lahat ng ito, higit na magugustuhan at mauunawaan ng bawat mag-aaral ang pag-aaral ng kanilang sariling wika. Sa paggamit ng wika, mahahasa ang kaalaman at kakayahan sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral. Kapag ginagamit parati ang wika, magiging matatag ang pundasyon ng mga salita na siyang magagamit sa pag-unawa sa maraming bagay tungkol sa kanilang identidad. Ang mga nakalimbag na akda, dula o anomang palabas o panoorin, at ang mga kuwentong naririnig tungkol sa ating mga Pilipino gamit ang wikang Filipino ay mas napapahalagahan dahil sa pagkakaroon ng sapat na pag-unawa rito. Ito rin ang maaaring pag-ugatan ng damdaming pangkamakabayan at magsisilbing ningas ng pagmamahal sa bansa, sa pagka-Pilipino (Reyno, 2018).

Mula sa mga nabanggit na ideya, mapatutunayan na sadyang mapanghamon ang pagtuturo ng wika, partikular na lamang ng wikang Filipino. Kailangang gabayan ang mga estudyante na magpahayag ng kanilang mga tugon sa penomenong pangkultura. Sa yugtong ito, papaksain ang mga tanong, palagay, saloobin, opinyon, pagpapahalaga, paniniwala, pati ang kanilang mga pagpapasiya, balak, estratehiya sa patuloy na pakikiugnay ng mga estudyante sa penomenong pangkultura. Kabilang dito ang pagpuna, paghuhusga, pagtatanggol, pagpapahalaga, pagtatasa, pagsasabi ng gusto at di-gusto, pagtatanong, pagpapahayag ng mga paniniwala. Ilan din sa posibleng gamit ng wika na maaaring ituro sa mga estudyante ang pakikiugnay sa tao, pagbabahagi ng karanasan at ideya, pag-impluwensiya sa iba, pagpapahayag ng kahilingan, pagpapahayag ng paninindigan, panghihikayat, pakikipagnegosasyon (Zafra, 2016).

Makikita na kapag maayos ang implementasyon sa mga nabanggit na kasanayang pampagkatuto sa Filipino, makahuhubog ang mga paaralan ng mga makabayang mag-aaral. Ngunit, nakikita rin ng mananaliksik na hindi lang sa loob ng silid-aralan maaaring maabot ang ganitong pagpaplano. Dahil sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, lalo pang nagiging mabilis ang komunikasyon at dumarami ang iba't ibang kaparaanang pang-edukasyon na naipagkakaloob ng Internet. Gayunman, bilang hamon, mahalaga ang papel ng guro hindi bilang bukal ng impormasyon kundi bilang tagaplano/tagadisenyo ng kurso at tagapagdaloy ng mga ugnayang ito (Petras, 2012).

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

## Resulta ng Pag-aaral

*Resulta ng Content Analysis*

Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang resulta ng content analysis ng 33 artikulong pinili para sa sistematikong rebyu ng literatura.

**Talahanayan 5**
*Resulta ng content analysis ng 33 artikulong pinili*

| Awtor, Taon | Layunin | Metodo | Sampol | Resulta ng Pag-aaral |
|---|---|---|---|---|
| **Wu, Yen, Marek (2011)** | Layunin ng papel na ito na maipakita ang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng isang proyektong gumamit ng student-centered, active learning, at instructional materials na may kasamang live online interaction sa mga native English speaker patungkol sa kulturang Amerikano. | survey methodology, exploratory factor analysis, structural equation modeling | 227 non-major EFL learners mula sa business school Technical University sa Central Taiwan | Napagtanto sa pag-aaral na ang pangmatagalang pagkatuto ay nakukuha sa nakatutuwang karanasan sa pag-aaral. Pinatunayan din ng pag-aaral na kahit ang mga maliliit na interaksyon gamit ang wikang Ingles ay maaaring magdulot ng lakas ng loob sa mga mag-aaral na magamit ang kanilang kasanayang pangwika sa pakikipagtalastasan, gayundin bilang instrumento upang mahikayat silang makibahagi sa pandaigdigang pagkatuto at pagbuo ng ugnayan sa kapwa. Hinihimok din ang mga guro na gumamit ng live interaction sa mga native speakers sa klase gamit ang teknolohiya. |
| **Candarli, Yuksel (2012)** | Nilayon ng pag-aaral na malaman ang persepsiyon ng mga estudyante ng lalong mataas na edukasyon tungkol | pre-session at post-session na sarbey | 36 estudyante ng English Language Teaching sa Yildiz Technical | May positibong saloobin ang mga estudyante tungkol sa videoconferencing, ngunit nagkakaroon |

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa videoconferencing. | | University, Turkey | ng kaunting pagbabago sa kanilang persepsiyon dahil sa mga isyu sa teknolohiya at nilalaman ng aralin. |
| **Codreanu, Develotte (2012)** | Inilarawan ng pag-aaral ang praktis ng mga trainee tutor at mga gurong may karanasan na sa pagtuturo online. | computer-mediated discourse analysis at interaction analysis ng corpus na binubuo ng mga sesyon ng online tutoring | 11 guro (8 trainee at 3 gurong may karanasan na) ng Master of Arts in Teaching French as a Foreign Language at 24 estudyanteng nag-aaral ng Pranses sa UC Berkeley | Mas organisado at eksakto ang pagsasalita ng mga gurong may karanasan na kaysa mga nagsasanay pa lamang. Mas ginagamit din ng mga gurong may karanasan ang webcam kaysa mga trainee na kalimitang hindi tumitingin sa webcam. |
| **Ge (2012)** | Nilalayon ng pag-aaral na ito naikumpara ang isang klaseng gagamit ng asynchronous learning approach at isang klaseng blended cyber learning approach naman ang gagamitin sa pag-aaral ng Ingles sa distance education. | observation, experimentation, survey questionnaire | Dalawang klase na mayroong 70 mag-aaral ang nakilahok sa pag-aaral na tumagal ng isang semestre o higit-kumulang 4 na buwan. 1 klase na ang ginagamit ay asynchronous learning approach at ang isa naman ay blended cyber learning approach. | Ipinakita sa pag-aaral na kahit na ang parehong pagdulog ay nagdulot ng pagtaas ng pagganap ng mga mag-aaral, ngunit ang blended approach ay maaaring magbigay ng mas maganda at mas magandang resulta para sa mga e-learners na nag-aaral ng Ingles kaysa sa klase na ang gamit lamang na pagdulog ay ang cyber asynchronous |
| **Jauregi, De Graaff, Van den Bergh (2012)** | Inilalarawan ng papel ang proyektong Networked Interaction in Foreign Language Acquisition and Research (NIFLAR) na naglayong aralin ang mga oportunidad at epekto ng inobatibong pagkatuto online sa paglikha ng awtentiko at interaktibong pag- | questionnaire | 35 estudyante ng kursong masterado ng edukasyong pangwika sa Utrecht University, The Netherlands na nag-aaral ng iba't ibang wikang Europeo | Nakita ng karamihan sa mga guro ang oportunidad na inihahandog ng video-web communication sa paglikha ng awtentiko at kapaki-pakinabang na interaksiyon bagama't may mga suliraning teknikal tulad ng delay sa komunikasyon. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | aaral ng banyagang wika. | | | |
| **Kozar (2012)** | Nilalayon ng artikulong ito na malaman kung paano ginagamit ang synchronous online tools sa pagtuturo ng Ingles sa mga pribadong paaralan sa Russia. | content analysis | 70 web sites na mayroong one-on-one na pagtuturo ng wika gamit ang freeware synchronous VoIP tools. | Tinatanggap na ang Computer-mediated sa pagkatuto ng wika sa pagitan ng mga mag-aaral sa Russia, partikular para pakikipag-ugnayan gamit ang Ingles at Ingles sa trabaho. |
| **Vasquez III, Slocum (2012)** | Nilayon ng papel na ito na mapag-aralan ang epekto ng online reading instruction sa mga Baitang 4 na mag-aaral sa Philadelphia. | multiple baseline design | apat na baitang 4 na mag-aaral, apat na tutor, dalawang guro, at mga magulang ng mga mag-aaral | Batay sa naging resulta ng pag-aaral, winika ng mga kalahok na mag-aaral at mga tutor na may positibong dulot sa pagkatutong bumasa ang synchronous online instruction. Inilahad ng mga guro at mga magulang ang pagiging epektibo ng online instruction sa pagkatutong bumasa ng mga mag-aaral. |
| **Huang, Hung (2013)** | Nilalayon ng pag-aaral na ito na galugarin ang paggamit ng video-based online EFL discussion forum. | attitude survey at reflective questionnaire. | 17 ang kabuuang mag-aaral ng EFL ang kalahok sa pag-aaral na ito na nagmula sa isang klase sa Taiwanese university, 14 lalake at 3 babae. | Isiniwalat ng pag-aaral na ito na ang EFL na mag-aaral v-forum ay isang makabuluhang gawain na maaaring gamitin upang palakasin at patibayin ang kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral, lumilikha rin ito ng oportunidad upang sa pagsulat ng Ingles at oral na pakikipag-usap at napapa-unlad din nito ang pagsasalita sa harap ng maraming tao. |
| **Altiner (2015)** | Nilayon ng pag-aaral na malaman ang persepsiyon ng mga di-gradwadong estudyante kaugnay | questionnaire | 40 estudyante ng Nursing mula sa Usak University at 40 estudyante ng | Mas negatibo ang persepsiyon ng mga estudyanteng nakaranas nang mag-aral ng Ingles |

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng pagtuturo ng Ingles sa pamamagitan ng videoconferencing. | | nursing mula sa Dicle University na kapwa nasa Turkey | sa pamamagitan ng videoconferencing kaysa sa mga estudyanteng hindi pa nakakaranas nito. Para sa karamihan, hadlang sa interaksiyon ng guro at estudyante ang videoconferencing. |
| **Klimova, Kacetl (2015)** | Nilayon ng pananaliksik na ito na makilala ang kasalukuyang persepsyon sa konsepto ng hybrid learning na sinusuportahan ng mga pag-aaral at mailarawan ang metodolohiya sa integrasyon ng face-to-face at online na pagkatuto at inobatibong paggamit sa teknolohiya; pagsasaayos ng paradaym ng pagkatuto; at pagpapanatili sa kabuluhan ng pagtataya sa blended learning. | literature review, thematic analysis | mga guro ng wika sa kabuuan | Malaki ang maaaring maitulong ng hybrid learning lalo na sa pagtugon sa kawalan ng kakayahan ng mga mag-aaral na makilahok sa mga gawaing pampagkatuto at kawalan ng sapat na kaalaman sa wikang pinag-aaralan. Ngunit, marapat pa ring gawing batayan sa paggamit nito ang pangangailangan ng bawat mag-aaral. |
| **Kozar (2015)** | Nilalayon ng pag-aaral na imbestigahan kung ang mga websites ang nagpapakita na parehong diskurso at ideolohiya at kung maaari ba itong masama sa parehong 'genre prototype'. | critical discourse analysis (cda), genre theory and appraisal within the systemic functional linguistics | pag-aaral ng wika sa 17 websites sa pribadong online na paaralan | Inilabas ng pagsusuri na mayroong pakakaparehong tematik, istruktural, at retorik ang mga websites at ang presensiya ng neoliberal na ideolohiya. |
| **Shishkovskaya, Bakalo, Grigoryev (2015)** | Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ang makita ang kabisaan ng paglalangkap ng wastong pamamaraan ng pagtuturo gamit ang teknolohiya at tradisyunal na pagtuturo ng EFL sa | paggamit ng talatanungan, experimental method | 78 mag-aaral na nasa ikalawang taon sa kolehiyo sa Power Engineering Institute (National Research Tomsk Polytechnic | Nakita na hindi sapat na masabing ang pagkakaroon ng kahusayan sa pedagogy ay maaaring maging lunas sa mga suliraning kinahaharap ng pagtuturo ng EFL sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | e-learning environment. | | University) | birtwal na setting. Ngunit, mas mainam na kilalanin pa rin ang mga tradisyunal na kagawian sa pagtuturo upang mas mapaigting at mapaunlad ang kakayahan ng mga magtuturo ng EFL. |
| **Vernon-Feagans, Bratsch-Hines, Varghese, Bean (2015)** | Ang layunin ng papel na ito ay ang mapag-aralan ang kaugnayan ng face-to-face at webcam coaching sa suliraning kinahaharap ng guro sa pagtuturo ng pagbasa at sa mga mag-aaral na nahihirapang maunawaan ang aralin. | targeted reading intervention (tri), comparative study | 58 guro at 271 mag-aaral | Naipakita sa pag-aaral na mas nakatutulong ang webcam literacy coaching sa pagkatuto ng mga mag-aaral na bumasa. Ipinakita na mas nakatulong ang webcam literary coaching sa pangkat ng mga mag-aaral na nahihirapang bumasa. |
| **Pomino, Gil-Salom (2016)** | Inilalarawan ng papel ang karanasan ng proyektong “E-Tandem-Projekt Valköln” na naglayong itaguyod ang pag-unlad ng mga kakahayang lingguwistiko at interkultural ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagtatalastasang online. | questionnaire | 12 katutubong ispiker ng Espanyol mula sa Universitat Politècnica de València na nag-aaral ng wikang Aleman at 20 katutubong ispiker ng Aleman mula sa Language Learning Center of TH Köln na nag-aaral ng Espanyol | Karamihan sa mga estudyante ay may kumpiyansa sa kanilang mga kakayahan sa pagbigkas sa wikang inaaral tuwing nakikipag-usap o nakikipagsulatan sila sa isang katutubong ispiker. |
| **Wang, Fang, Han, Chen (2016)** | Nilayon ng papel na ito na matalakay ang affordance ng WeChat sa pagpapaunlad ng Community of Inquiry (CoI) sa isang semi-synchronous language exchange na sinusuportahan ng WeChat. | exploratory study | Pagpapares ng dalawang pangkat ng mag-aaral, ang isa’y mula sa third year Mandarin class sa Australian University at ang isa’y binubuo ng mga mag-aaral na nag-aaral ng Ingles sa isang | Ipinakita nito ang pagsisimula ng pag-aaral na napatutungkol sa gampanin ng CoI sa WeChat facilitated language learning. Ito ay nagsilbing pruweba sa paggamit sa CoI sa online na pagtuturo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | unibersidad sa Taiwan. Sa kabuuan, 30 mature aged participants, 14 babae at 16 lalaki. | |
| **Dahlberg (2017)** | Nilalayon ng pag-aaral na maipaliwanag ang mga paraan kung paano nabibigyang-daan o napipigilan ng mga "kritikal na sandali" (e.g., mga sandaling nagbabago ang perspektiba at pokus ng kalahok) ng edukasyon ang isang interaksiyong panlipunang inaasistihan ng teknolohiya. | etnograpiya, social learning analytics | 40 oras na rekording ng synchronous online meeting ng dalawang kursong Italian for Beginners gamit ang Adobe Connect | Ang kapaligiran (i.e., ang nangyayari sa loob at labas ng tagpuang biswal) ay nakapagsasanhi ng "shift" sa pokus ng mga indibidwal na mag-aaral at nakakaapekto sa kanilang interaksiyon. |
| **De Paepe, Zhu, Depryck (2018)** | Nilalayon ng pag-aaral na matukoy ang mga bentahe at desbentahe ng online na pagkatuto ng wikang Dutch sa pananaw ng mga edukador at provider. | semi-structured one-on-one interview | 13 stakeholder sa larangan ng pagtuturo ng Dutch bilang pangalawang wika sa matatanda | Bentahe ng online na pagkatuto ng wika ang teknolohiyang kaakibat nito (e.g., translation function, search function, videconferencing tools). Gayunman, nasa aspekto ng komunikasyon ang desbentahe nito (e.g., pagkakaiba-iba ng time zone, delay sa feedback at tugon ng guro, at hamon sa pagkakaroon ng interaksiyon at pagbibigay ng malinaw na panuto). |
| **Dooly, Davitova (2018)** | Layunin ng pag-aaral na ito na i-"unpack" ang pagiging komplikado ng iba't ibang mapagkukunan na ginamit ng mga kalahok sa panahon ng pakikipag-ugnayan. Ang pokus ng artikulong ito ay | conversional analysis perspective, goodwin's multimodal conversation analysis approach | dalawang paaralan mula sa Sweden at sa Espanya: unang paaralan (Terrassa, Spain) at ikalawang paaralan ((Hässleholm, Sweden) | Ipinakita ng resulta ng pag-aaral ang pagtalikwas sa nakasanayang teacher-centered na interaksyon.<br><br>Isa pang punto na kapag nagkakaroon ng problema o suliranin ang mga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kung paanong ginagamit ng mga mag-aaral ang multiple resources para malutas ang problema habang nakikipag-ugnayan gamit ang banyagang wika. | | | mag-aaral tungkol sa target na wika, mas nagkakaroon ng interaksyon at kolaboratibong paggawa sa pagitan ng mga mag-aaral. |
| **Liu (2018)** | Nilalayon ng papel na ito na alamin ang epekto ng computer remote education sa Chinese Language and Literature (CLL) na pagkatuto ng mga mag-aaral na Tsino sa ibang bansa na mayroong software para sa pag-aaral na ito. Nilalayon din ng papel na ito na suriin kung paano nakatutulong ang ganitong uri ng software sa pagkatuto ng mga mag-aaral at pag-aaralan ang pinakamagandang software sa merkado. | questionnaire survey, statistical analysis at summary methods | 100 talatanungan ang ipinamahagi sa mga mag-aaral ng tatlong makakaibang baitang (primary, middle at advanced). 93 lamang ng balidong talatanungan ang nakolekta. | Malaki at mahalagang bahagi ng pagkatuto ang CLL software sa pagpapabuti ng kahusayan at lebel ng mga mag-aaral na Tsino sa ibang bansa. |
| **Sert, Balaman (2018)** | Nilayon ng pananaliksik na ito na mailarawan kung papaano inuunawa ng mga nagsasalita ng L2 ang mga online na panuto sa pagtuturo ng L2 gamit ang kanilang kombersasyunal na kaalaman. | conversation analysis (conversation analytic investigation) | undergraduate na mga mag-aaral, edad 18-22, sa English Language Teaching Program sa Turkish State University | Ipinakita na nagamit nang husto ng mga mag-aaral ang kanilang dating kaalaman sa pag-unawa ng araling pangwika. Karagdagan dito, bumuo rin ang mga mag-aaral ng bagong alituntunin sa pagkatuto lalo na tuwing nahihirapang pagsamahin ang pag-aaral ng wika at mga itinakdang task rules dito. |
| **Abugohar, Yunus, Ab Rashid (2019)** | Nilalayon ng pananaliksik na ito na alamin ang persepsyon ng mga | elektronikong talatanungan na dinisenyo sa surveymonkey, | 49 EFL na guro na nagtratrabaho sa mataas na | Ipinakita ng pag-aaral na karamihan sa mga kalahok ay mayroong mataas at |

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | guro sa paggamit ng tatlong kategorya ng aplikasyon sa smartphone na itinakda na paraan ng pagtuturo na may layunin na pagyamanin ang mga kasanayan sa oral na komunikasyon ng mga mag-aaral sa Saudi Arabia, pag-uugnay ng mga persepsyong ito sa aktuwal na kasanayan sa silid-aralan. | focus group discussion (fgd), mixed-mode approach | edukasyon sa Saudi Arabia. | positibong persepsyon sa paggamit ng aplikasyon sa smartphone sa pagtuturo ng oral na komunikasyon. Base sa datos na nakuha, sa kabila na mataas at positibong persepsyon ng mga EFL na guro sa paggamit ng mga aplikasyon sa smartphone para sa pagtataguyod ng oral na komunikasyon, ang mga pagsasanay sa loob ng silid-aralan ay naghahayag ng mga kahinaan at hindi sapat na aktuwal na karanasan. |
| **Dariyemez (2019)** | Nilalayon ng pag-aaral na tayain ang kahandaan ng mga tersyaryong estudyante ng Turkey sa mga kursong Ingles online. | survey | 80 kalahok na kumukuha ng kursong Basic English 1 at may magkakapantay na kompetens sa wikang Ingles | Karamihan sa mga mag-aaral ay nagtataglay ng sapat na literasiyang panteknolohiya upang makasabay sa mga online na kurso. Gayunman, hindi lahat ay pumapabor sa pagtuturo ng wika sa pamamagitan ng bidyo. Dapat maglahok din ng mga animation, quiz, at iba pang gawaing interaktibo. |
| **Ge, Zhang, Li, Su (2019)** | Nilalayon ng pag-aaral na suriin ang epekto ng pananalita ng guro sa emosyonal na estado ng mga mag-aaral at ang impluwensiya ng emosyon sa peformans ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wika. | pretest, posttest, questionnaire survey, at recording ng online lecture sa webex | 60 matatandang mag-aaral ng kursong Ingles sa isang cyber-education college sa Beijing, Tsina | Nakakaimpluwensiya sa performans ng mga mag-aaral ang emosyong nilalaman ng pananalita ng guro. Mas nahihikayat makilahok ang mga mag-aaral kapag positibo ang emosyon ng guro. |
| **Ho (2019)** | Layunin ng pananaliksik na ito | thinking-aloud protocol, semi- | 11 multilinggwal na kalahok na | Maaaring idagdag ang screen- |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | na magpakita ng panibagong dulog sa pangangalap ng mga datos sa pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng online na pagtuturo. | structured interview | nasa iba't ibang panig ng mundo | recording sa mga dulog kung paano natututo ang mga multilinggwal na kalahok mula sa iba't ibang panig ng mundo sa tulong ng iba't ibang platapormang online. |
| **Motteram (2019)** | Nilalayon ng pananaliksik na ito na mabigyang konsiderasyon ang pagbuo ng mga online na materyales at hakbangin para sa mga guro sa distance na pagtuturo ng wika at kultura. | cultural historical activity theory (chat) analysis | Pakistan System District Teacher Educators | Magagamit ang mga maliliit na proyekto tulad ng Skype-based training course sa pag-abot ng mga kasanayang napatutungkol sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. |
| **Rusk, Porn (2019)** | Ang kabuluhan ng artikulong ito ay upang maipakita ang tandem dyad's interactional resources at mga kilalang panlipunang kagawian sa pagpapanatili ng ugnayan ng video-mediated environments (VMEs) sa bitwal na pagkatuto ng wika. | conversation analysis | recordings ng 5 mag-aaral (three different pair constellations), edad 16-17 taon, na nakibahagi sa eClassroom tandem course | Nakatutulong sa mga mag-aaral na makasunod sa aralin ang mga takdang aralin na kombersasyunal. Ipinakita rin ang gampanin ng L1 at L2 sa pagpapanatili ng pagkakaunawaan sa VMEs. |
| **Sevilla-Pavon (2019)** | Nilalayon ng pag-aaral na alamin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng L1 (unang wika) at L2 (pangalawang wika) online intercultural exchange kaugnay ng mga kompetens ng ika-21 dantaon. | mixed-methods approach (preintervention and postintervention questionnaires, focus group interviews) | 125 estudyanteng may edad 17-25 na nagmula sa Universitat de Valencia (Spain), Wofford College (South Carolina, USA), at Cyprus University of Technology (Cyprus) | Mas kapaki-pakinabang para sa teamwork, Language for Specific Purposes (LSP) learning, learner autonomy, linguistic competence ang pagpapalitan sa L1, samantalang mas kapaki-pakinabang naman para sa intercultural competence ang pagpapalitan sa L2. Wala namang pagkakaiba sa digital literacy. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Wang (2019)** | Isinulong ng papel na ito ang isang simpleng disensyo ng blended English teaching mode para sa mga pangangailangan ng Massive Open Online Course (MOOC) platform. | model-view-controller (mvc) framework at java programming language | 140 freshmen mula sa unibersidad na nakilahok sa MOOC-based blended English teaching | Natuklasan na ang resulta ng platapormang MOOC-based blended English teaching mode ay nakapagbigay ng satispaksyon sa mga guro dahil sa dulot nitong pagsabay sa teaching demands, pag-abot sa stable performance, at pagkamit sa pagsang-ayon ng mga mag-aaral. Nagdulot din ito ng mga inobasyon sa pagtuturo ng Ingles sa kolehiyo. |
| **Escobar (2020)** | Nilalayon ng pag-aaral na tukuyin at suriin ang gampanin ng online tutor sa motibasyon ng mga estudyante sa pagkatuto ng Ingles. | focus group, discursive analysis | 6 online tutor | Mas nagkakaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral kapag nararamdaman nila ang mainit na pagtanggap at paggabay ng mga guro. Mahalaga rin ang komunikasyon sa pagitan ng guro at estudyante. |
| **Lenkaitis, Hilliker, Roumeliotis (2020)** | Nilalayon ng pananaliksik na ito na tulungan ang mga guro na paunlarin ang kanilang mga kasanayan na alamin at itama ang mga kamalian ng EFL na mga mag-aaral at maglapat ng naaangkop na estratehiya upang wastuhin ang mga kamaliang ito. | virtual exchange | 12 guro kasali sa programang “Teaching English to Speakers of Other Languages” | Nakita sa resulta ng pananaliksik na ang kasanayan ng mga guro na alamin ang mga kamalian ay tumataas sa buong pagtuturo. Nagmumungkahi rin ito na baguhin ang kanilang tingin at paunlarin pa ang pagkaroon ng komento o feedback sa pagtuturo ng EFL. |
| **Motteram, Dawson, Al-Masri (2020)** | Ginagalugad ng pag-aaral na ito ang mga posibilidad ang mga hamon sa paggamit ng social media tool na WhatsApp para suportahan ang mga guro na nagtuturo ng wika sa Zataari refugee camp sa | thematic analysis | 27 na guro sa Syria | Lumabas sa tematikong pagsusuri ng papel na ito may mayroong tatlong pangunahing gamit ang WhatsApp: para sa interpersonal na interaksyon, para sa propesyunal na pag- |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Jordan. | | | unlad, at para sa mga layunin ng organisasyon. Minumungkahi ng pagsusuri na ang paggamit ng WhatsApp ay mayroong kontribusyon sa kaalamang pang-wika ng mga guro sa Ingles, nagbibigay ng plataporma na kung saan maaari silang magpalitan at talakayin ang mga isyung kaugnay ng mga hamon sa isang partikular na konteksto, binibigyan din sila nito ng pagkakataon na magkaroon ng kontribusyon sa mga kagamitang pampagtuturo at talakayin ang mga isyung kinaharap nila sa isang makabuluhang paraan. |
| **Ross, DiSalvo (2020)** | Inilahad ng papel ang hakbang na isinagawa ng Language Center ng Harvard University sa kung papaano mababawasan ang epekto sa mga guro at mag-aaral ng transisyon sa sistema ng edukasyon na dulot ng pandemya. | thematic analysis | Harvard University | Kailangang maisulong ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Marapat na magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga guro upang lubos na magamit ang mga OLM tungo sa matagumpay na online na pagtuturo. |
| **Van der Zwaard, Bannink (2020)** | Ginalugad ng papel na ito ang ugnayan sa pagitan ng task design at participant interaction tuwing task performance. | tele-collaboration project at microanalysis of the data | 12 low-frequency vocabulary terms nonnative speakers (NNS) | Nakita na upang mapagtagumpayan ang isang task, kailangang mag-respond ng NS sa mga NNS nang may face at task appropriateness. |

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

*Repleksiyon sa mga Temang Nangibabaw sa Content Analysis*

***Synchronous at Asynchronous***

Sa patuloy na pagtuklas ng iba't ibang propesyunal sa mga makabagong paraan ng pagtuturo, nakita ng mga ito ang halaga ng paglalapat ng teknolohiya sa edukasyon. Mula sa kilalang tradisyunal na set-up ng edukasyon sa loob ng silid-aralan, isinilang sa kasalukuyan ang paggamit ng mga kompyuter at ilan pang mga gadyet sa tinatawag na birtuwal na pagkikita sa mga online na klase. Nakilala ng marami ang "synchronous learning" o mas alam bilang real-time na pagkikita ng guro at mag-aaral sa online na klase, kabaligtaran ito ng "asynchronous learning" na walang aktuwal na interaksiyon ang mag-aaral at guro sa klase o mas alam bilang self-paced o sariling paraan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panutong itinakda ng guro.

Sa pag-aaral ng wika, partikular na lamang sa pagtuturo ng kasanayang pagbasa, napatunayan ang pagiging mabisa ng synchronous online tutoring sa pag-aabot ng kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral na nahihirapang bumasa at mga mag-aaral na nakatira sa malalayong lugar na nahihirapang makatungo sa paaralan (Vasquez III & Slocum, 2012). Tulad ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral na bumasa sa loob ng silid-aralan, naging abot-kamay na rin sa ilang institusyong pang-edukasyon ang pagtuturo sa nasabing kasanayan sa mga mag-aaral gamit ang teknolohiya.

May mga natatanging benepisyo at tulong ang naiaabot ng synchronous learning sa mga mag-aaral na hindi naibibigay ng asynchronous learning; naibibigay ng synchronous learning ang komunikasyong kailangan ng mag-aaral sa kaniyang guro tulad na lamang ng detalyadong pagpapaliwanag nito sa mga aralin (Ge, 2012). Sa pag-aaral naman nina Vasquez III & Slocum (2012), nakita na kahit nakararanas ang mga mag-aaral ng ilang teknikal na problema sa birtuwal na klase, hindi pa rin maikakaila ang positibong dulot ng supplemental online tutoring sa pagkatutong bumasa ng mga mag-aaral na isang halimbawa ng synchronous na pag-aaral. Hindi man perpekto ang synchronous online learning, nabibigyan pa rin nito ng pagkakataon ang mga guro at mag-aaral na makamit ang katulad na kompetensiya sa tradisyunal na pag-aaral sa pamamagitan ng online na klase.

Ayon kay Ge (2012), mas gusto ng mga adult e-learner ang tradisyunal na paraan ng pag-aaral kung saan may isang gurong nakahandang sumagot sa kanilang mga katanungan at magpaliwanag sa mga konseptong hindi nila nauunawaan. Dagdag pa niya, sa pag-aaral ng wika, mas gusto ng mga mag-aaral sa synchronous learning na gugulin ng guro ang kaniyang oras sa pagtuturo ng mga talasalitaan at balarila. Nasuri ng mga mananaliksik na mode of delivery lamang ang nagbago sa makabagong paraan ng pag-aaral. Hindi pa rin lubusang tinatalikuran ng mga mag-aaral ang tradisyunal na paraan ng pagkatuto kung saan may isang gurong marapat na nasa harapan ng klase upang magturo, magbigay paliwanag at gabay, at sumagot sa mga tanong ng mga ito. Ang nasabing tradisyunal na kagawian sa loob ng silid-aralan ay pinipilit pa rin ng marami na maisalin sa birtuwal na set-up sa pamamagitan ng synchronous online learning.

***Mga Kagamitan sa Makabagong Pagtuturo ng Wika***

Hindi maikakaila na marami na sa kasalukuyan ang mga online tool na maaaring magamit sa pag-aaral. Kahit hindi face-to-face ang klase, nahihikayat ng mga online tool ang mga mag-aaral na magbigay ng agarang feedback sa klase, magtanong tungkol sa mga konseptong hindi gaanong nauunawaan, at magsalita nang malinaw at nasa normal na bilis (Wang et al., 2016).

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

Sa isang pag-aaral, pinaghambing ang face-to-face na pagtuturo at webcam coaching (online coaching) sa pagsasagawa ng Targeted Reading Intervention (TRI) para sa mga mag-aaral na nahihirapang bumasa. Nakita na mas malaki ang pampagkatutong nakukuha ng mga mag-aaral sa webcam coaching kahit pa ito ay 20-30 minuto lamang ang klase kada dalawang linggo kumpara sa 1-2 oras na face-to-face na pagtuturo kada dalawang linggo (Vernon-Feagans et al., 2015).

Nabuo ang TRI para sa mas organisadong pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral na nahihirapang bumasa na matatagpuan sa mga mahihirap na lugar. Nagtulak din sa mga guro ang TRI para sa mas pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagtuturo na siyang madalas na nagiging problema dala ng kawalan ng kahusayan ng ilang guro na maisalin ang mga ideyang natutuhan nila mula sa mga webinars sa aktuwal na pagtuturo sa mga bata (Garet et al., 2008).

Nakalap din ng mga mananaliksik ang ilang mga kagamitan na ginagamit sa ibang bansa sa pagtuturo ng wika. Lumabas sa pag-aaral nina Wang et al. (2016), na mabisa rin ang paggamit ng WeChat bilang kagamitan sa pagbuo ng Community of Inquiry (CoI) sa mga mag-aaral. Napabibilis nito ang daloy ng komunikasyon sa pagitan ng mga mag-aaral sapagkat napakadali lamang na mag-send ng text at audio, at magsagawa ng video conferencing sa mga kasamahan. Napatunayan na maaari ding magamit ang WhatsApp bilang isang kagamitan sa birtuwal na silid-aralan sa pagbuo ng interpersonal na talakayan tungkol sa mga isyung panlipunan sa kinabibilangang lugar (Motteram et al., 2020). Kung susuriin ang paraan kung paano ginamit ng ibang bansa ang nabanggit na kagamitan, makikita na tinutumbok talaga nito ang mga katulad na kompetensiyang makukuha sa face-to-face na pag-aaral ng wika, at iyon ang panghihikayat sa mga mag-aaral na makibahagi sa mga usaping tungkol sa isyung panlipunan.

Nakatulong din ng malaki ang mga libreng kagamitan gaya ng Voice over Internet Protocol (VoIP) sa mga institusyon ng ilang private online tutoring (Kozar, 2012). Ngunit hindi rin maililingid ang katotohanang nangangailangan ng mga kompyuter at iba pang gadyet upang makaakses sa mga nasabing kagamitan, na siyang dahilan kung bakit hindi makasabay ang ilang pampublikong paaralan dala ng kawalan ng badyet. Ayon nga kay Liu (2018), isa sa mga kwalipikasyon sa matagumpay na paggamit ng learning software ay ang pagkakaroon ng mga device gaya ng kompyuter o tablet. Ito ang bentahe ng mga pribadong paaralan, dahil sa pagkakaroon ng mga device sa kanilang lugar, malaya silang nakagagamit sa mga libreng aplikasyon o kagamitan na maaaring magamit sa online na klase.

Sa bansang Tsina, nakita na ang Chinese Language and Literature (CLL) ay may malaking maitutulong sa pagkatuto sa wika ng mga mag-aaral ngunit ang problema ay limitado pa lamang ang mga nabubuong de-kalidad na CLL learning software (Liu, 2018). Isa lamang ito sa mga hamon sa iba't ibang bansa sa paggamit ng online na klase bilang makabagong paraan ng pagtuturo sa kasalukuyan. Marami pang kailangang pagbutihin o idebelop sa mga nabubuong software na gagamitin sa mga synchronous online class. Ang mga rason tulad ng mababang kalidad ng audio, mga hamon sa pag-iskedyul ng meeting, at mga gurong walang kasanayan sa paggamit ng synchronous online tools sa pagtuturo ay dagdag pa sa mga dahilan ng patuloy naman na pagyakap ng ilang tao sa tradisyunal na paraan ng pag-aaral (Zamorshchikova et al., 2011).

Makikita na hindi madali ang paglipat mula sa tradisyunal na edukasyon (face-to-face) patungong online na klase. Marami ang kailangang isaalang-alang tulad na lamang ng mga gadyet na dapat gamitin. Ngunit, huwag ding mamaliitin ang mga kagamitang libre o kaya naman ay mga aplikasyong nagbebenta



https://animorepository.dlsu.edu.ph/dalumat/vol8/iss1/1
DOI: 10.59588/2094-4187.1005

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

ng lisensiya na maaaring magamit sa isang real-time na pagkikita sa online na klase, sapagkat batay nga sa mga naunang binanggit na ideya at pananaliksik, maaari pa rin ang mga itong makatulong sa mas higit na pagtamo ng mga kompetensiya o kasanayang nakukuha sa isang tradisyunal na set-up ng pag-aaral. Mahalaga rin ang pagpaplano at pagsasanay sa parte ng mga guro upang magamit nang maayos ang mga kagamitan at makamit ang orihinal na layunin sa pagtuturo.

### *Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika*

Marami nang estratehiya sa pagtuturo ang subok na ng panahon. Narito ang mga iba't ibang gawain sa loob ng silid-aralan gaya ng pagsusulit, Socratic method, mga takdang-aralin at iba pa. Ngunit ngayon, hangad din ng sektor ng edukasyon na magluwal ng mga panibagong estratehiya mula sa mga pananaliksik na isinagawa. Layunin nitong lumikha ng mga panibagong dulog sa kung paanong maituturo ang wika.

Ayon sa pag-aaral ni Kozar (2012), tinatanggap na ng ilang paaralan sa Russia ang computer-mediated sa pagkatuto ng wikang Ingles bilang pangalawang wika. Itinuturo nila ito sa mga mag-aaral hindi lamang para sa pakikipag-ugnayan sa kapwa nila mag-aaral kundi tingnan ang Ingles bilang wika rin sa trabaho. Kaugnay nito ang pananaliksik ni Sert & Balaman (2018) na pumapatungkol sa kung paano inuunawa ng mga nagsasalita ng L2 ang mga online na panuto sa pagtuturo ng L2 gamit ang kanilang kombersasyunal na kaalaman. Ipinakita na malaki ang naging bahagi ng kanilang batayang wika sa kung paano nila mauunawaan at papakahulugan ang mga panutong itinakda sa kanilang klase. Bukod pa rito ay gumagana rin ang pagiging maparaan at malikhain ng mga mag-aaral kapag nahaharap sa isang suliranin tungkol sa wika. Gumawa sila ng mga panibagong alituntunin nang sa gayon ay makatulong sa kanilang pag-aaral ng Ingles bilang ikalawang wika. Inilahad naman nina Vernon-Feagans et al. (2015) na nakatutulong ang webcam literacy coaching sa pagkatuto ng mga mag-aaral na nahihirapang bumasa.

Sinubok naman ng pag-aaral ni Dariyemez (2019) ang kahandaan ng mga mag-aaral para sa isang online na kurso ng Ingles. Lumabas na sapat ang literasiyang panteknolohiya ng mga mag-aaral dahil gamay na nila ang paggamit ng mga kompyuter at mga smartphones ngunit sa kabilang banda, hindi pa alam ng mga mag-aaral kung paanong epektibong magagamit ang mga Learning Management System (LMS) sa kanilang pag-aaral. Gayunman, sa pananaw ng ilang mag-aaral, na hindi sila matututo sa wikang Ingles kung bidyo lamang ang gagamitin ngunit iginiit ng pag-aaral nina Rusk at Porn (2019) na mahalaga pa rin ang mga video-mediated environments (VMEs) sa pagkatuto ng wika. Dagdag pa ni Ho (2019) na may malaking epekto sa pagkatuto ng mga bagong mag-aaral ang screen-recording. Kinakailangan lang din na mayroong interaksiyon at kombersasyunal na gamit ng wika.

Sinasabi rin na mahalaga sa pagtuturo ng mga e-learners ang emosyon at motibasyon ng guro sa pagtuturo. Mas nahihikayat at tumataas ang performance ng mga mag-aaral kapag positibo ang emosyon ng guro at nararamdaman nila ang mainit na pagtanggap at paggabay sa kanilan (Ge et al., 2019; Escobar, 2020). Gayundin ang pagbibigay ng corrective feedback strategies sa gitna ng sesyon ay isang mahalagang aspekto ng pagkatuto online. Kailangang paunlarin ng guro ang kaniyang kasanayan sa pagkilatis sa mga mali at kasanayan sa pagbibigay ng feedback sa kaniyang mga mag-aaral.

Ipinakita na gayong mahalaga na magkaroon ng mga panibagong estratehiya sa pagtuturo ng wika, nararapat lang ding angkupan ito ng mga dati na nating ginagawa. Ayon nga sa pananaliksik nina Shishkovskaya et al. (2015) na hindi sapat na masabing ang pagkakaroon ng kahusayan sa pedagohiya, dapat pa ring kilalanin ang tradisyunal na



Published by Animo Repository, 2022 

paraan ng pagtuturo. Mahalaga pa rin na magkaroon ng interaksiyon sa mga mag-aaral at lalo na sa guro. Dapat din ay mayroong kaalaman ang mga mag-aaral sa LMS na gagamitin ng paaralan. Hindi rin dapat maisasantabi ang kahalagahan ng pagbibigay ng feedback at komento sa mga mag-aaral ay mahalagang aspekto sa pagtuturo at pagkatuto lalo na sa online. Higit sa lahat, nangangailan ang pagtuturo ng wika sa online nang masinop, maingat at mahusay na pagpaplano upang masigurado na magiging matagumpay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

***Nilalaman***

Ang pagtuturo ng wika mula sa tradisyunal patungong birtuwal na silid-aralan ay isa sa pinakamalaking hamon na kinakaharap ng mga guro sa kasalukuyan. Kaugnay nito ay ang nilalaman ng paksa at kung paano ito ituturo sa mga mag-aaral na ang tanging kaharap lamang ay screen. Ipinakita sa pag-aaral ni Kozar (2012) na mahalaga ang computer-mediated sa pagtuturo ng wika sa bansang Russia. Mahalaga ito upang magamit ng mga mag-aaral ang wika sa isa't isa at lalong-lalo na sa trabaho. Sinabi naman sa pananaliksik nina Rusk & Porn (2019) na mahalagang nakasusunod ang aralin sa mga takdang-aralin na kombersasyunal. Ayon pa rin sa kanila na mahalaga pa rin ang tungkulin ng L1 na wika sa pagkakaunawa ng L2 lalo na sa video-mediated environment (VMEs). Makikita na hindi naman talaga nag-iiba ang nilalaman sa pagtuturo ng wika bagkus, hinahanap ito ng bagong paraan at dulog kung paano ituturo sa paraang mas mauunawaan ng mga mag-aaral.

***Kahalagahan ng Interaksiyon***

Isa sa mga inaasahang pagkakaiba ng pisikal at birtuwal na klase ang antas ng interaksiyon ng guro sa kaniyang mga estudyante at ng estudyante sa kaniyang mga kaklase. Sa pag-aaral ng wika, lubos na mahalaga ang interaksiyon at komunikasyon. Bentahe ng tradisyunal na klase sa mga silid-aralan ang pagkakaroon nito ng awtentikong interaksiyon sapagkat nasa iisang espasyo ang guro at mga estudyante. Sa transisyon ng edukasyon sa Pilipinas mula tradisyunal patungong birtuwal, kinukwestiyon ngayon ang kakayahan ng isang online na klase na makapaghandog ng interaksiyon sa pagitan ng mga kalahok. Sa mga sinuring artikulo, lumitaw ang mga suliranin at oportunidad na mayroon ang isang online na klase sa aspekto ng interaksiyon.

May direktang ugnayan ang interaksiyon ng mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa isang wika. Sa pag-aaral nina Wu et al. (2011), ipinakita na ang interaksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral sa loob ng birtuwal na silid-aralan ay nakatutulong upang sila'y magkaroon ng kumpiyansa upang gamitin ang wikang Ingles. Inirekomenda rin nila na magkaroon ng interaksiyon ang mga mag-aaral sa katutubong ispiker ng target na wika upang mas mahasa ang kanilang kasanayan (Wu et al., 2011). Pinatunayan nina Pomino & Gil-Salom (2016) ang bentahe ng e-tandem sa pagitan ng estudyante at katutubong ispiker. Lumabas sa kanilang pag-aaral na karamihan sa mga estudyante ay nagkaroon ng kumpiyansa sa kanilang kasanayan sa pagsasalita at hindi na gaanong nag-aalinlangang magkamali sa tuwing nakikipag-usap sila sa isang katutubong ispiker ng wikang kanilang inaaral (Pomino & Gil-Salom, 2016).

Positibo rin ang pagtingin nina Jauregi et al. (2012) sa kakayahan ng isang video-web communication environment na maging lunsaran ng awtentikong interaksiyon. Ipinakita naman nina Huang & Hung (2013) ang kalakasan ng video-based online discussion sa social media site na Facebook sa pagtataguyod ng interaksiyon sa pagitan ng mga estudyante ng Ingles. Lumitaw rin sa kanilang pag-aaral na isa sa mga kompetensiyang nalilinang ng platapormang tulad ng bidyo ang pagbigkas sapagkat ito'y awdyobiswal.

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

Lumilitaw rin sa mga sinuring artikulo ang pagpapahalaga sa student-centered approach sa pagtuturo ng wika, kaiba sa tradisyunal na teacher-centered approach kung saan guro ang tanging nagpapakilos sa daloy ng talakayan. May direktang epekto ang lapit sa pagtuturo sa antas ng interaksiyon sa loob ng birtuwal na silid-aralan. Ipinakita nina Dooly & Davitova (2018) sa kanilang pag-aaral na nagiging hadlang sa interaksiyon ng mga estudyante ang teacher-centered approach sa pagtuturo. Noong iniwan ng guro ang mga estudyante sa birtuwal na silid-aralan, nagpamalas ang mga ito ng pamilyaridad sa iba't ibang kagamitang maaari nilang gamitin upang makipag-usap sa isa't isa, at mas nagkaroon sila ng palitang kumbersasyonal (Dooly & Davitova, 2018). Sa pag-aaral ni Dahlberg (2017), napansin niyang sa mga sesyong pinangunahan ng guro, naging indibidwal na presentasyon (isa-isang pagsagot) ng mga estudyante sa halip na talakayan o kumbersasyon ang nangyayaring interaksiyon. Sinasabi nina Van der Zwaard & Bannink (2020) na hindi dapat ituring ang mga estudyante bilang tagasunod lamang sa mga gawaing ibinibigay sa kanila. Inirerekomenda nila ang paglikha ng mga gawaing maglulunsad ng makahulugang interaksiyon sa pagitan ng mga estudyante (Van der Zwaard & Bannink, 2020).

### *Mga Isyung Teknolohikal*

Kadikit ng interaksiyon ang usaping teknolohikal ng videoconferencing. Ayon kina Ross at DiSalvo (2020), ang mga suliranin sa teknolohiya at akses dito ay mga likas na panganib sa telekolaborasyon. Bagama't malaki ang potensiyal nito sa paghahandog ng interaksiyon, isa sa mga pangunahing konsiderasyon sa mga klaseng idinaraos sa pamamagitan ng videoconferencing ang koneksiyon sa Internet. Sa pag-aaral ni Altiner (2015), lumitaw na nais ng karamihan sa mga kalahok na idaos ang mga kursong Ingles sa tradisyunal na silid-aralan sapagkat nakikita nila ang videoconferencing bilang hadlang sa interaksiyon. Isa sa mga suliraning teknikal na tinukoy ng mga kalahok ang pangangailangan sa maayos na koneksiyon sa Internet (Altiner, 2015). Sa pag-aaral naman nina Jauregi et al. (2012), bagama't nakita ang potensiyal ng videoconferencing bilang lunsaran ng awtentikong interaksiyon, tinukoy ang delay sa komunikasyon bilang isang suliraning teknikal. Sa isang tradisyunal na silid-aralan, hindi problema ang delay sa komunikasyon sapagkat nasa iisang espasyo lamang ang guro at mga estudyante, ngunit sa isang birtuwal na klase, maaaring maging mabagal ang pagdating ng mga oral na mensahe dahil hindi naman pare-pareho ang estabilidad ng koneksiyon sa Internet ng mga kalahok. Sa Pilipinas na isa sa mga bansang may pinakamababang kalidad ng Internet sa mundo, hindi malayong maging suliranin din ang delay sa komunikasyon. Maituturing ito bilang isang mabigat na hamon partikular na sa mga asignaturang pangwikang idinaraos sa pamamagitan ng videoconferencing. Mahalagang komponent ng pag-aaral ng wika ang pagbigkas. Ayon kina De Paepe et al. (2018), napagtibay ng kanilang pag-aaral ang resulta ng mga naunang pag-aaral na isang desbentahe ng online learning ang delay sa feedback partikular na sa komponent ng pagbigkas.

### Mga Rekomendasyon sa Paggamit ng Zoom sa Pagtuturo ng Wika

Bilang isa sa mga nangungunang videoconferencing application ngayon sa larangan ng edukasyon, maraming kagamitan ang Zoom (tingnan ang Talahanayan 6) na maaaring gamitin ng mga guro upang lalong mapagyaman ang talakayan sa klase. Sa pamamagitan ng mga kagamitang ito, maaaring gawing mas awtentiko ang interaksiyon sa loob ng birtuwal na silid-aralan, at matatamo ng mga estudyante ang mga inaasahang kompetensiya kahit magkakalayo ang mga kalahok.

Sa pangkalahatan, kapaki-pakinabang para sa mga guro ang mga nabanggit na kagamitan. Bagama't online ang set-up, tila nasa silid-aralan pa rin ang talakayan sapagkat maaari pa ring magtanong at

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

sumagot ang mga estudyante sa mga tanong ng guro sa pamamagitan ng paggamit ng kagamitang “raise hand” o pagpapadala ng mensahe sa pamamagitan ng chat. Magagamit naman ang screen sharing sa paglelektura, at maaari ding magbahagi ang guro hindi lamang ng mga presentasyong PowerPoint kundi maging ng mga awdyobiswal na materyal. Kapaki-pakinabang ito lalong-lalo na sa mga guro ng wika (Ingles at Filipino) sapagkat bukod sa pagbasa, isang mahalagang kompetensiya sa pagkatuto ng anomang wika ang pagbigkas. Isang malaking balakid sa pabigkas na komunikasyon ang distansiya sa pagitan ng guro at estudyante, ngunit sa pamamagitan ng mga kagamitang ito, natutugunan ang suliranin ng distansiya at nagkakaroon ng awtentikong interaksiyong pabigkas. Hindi lamang din mga guro ang maaaring gumamit ng screen sharing kundi maging mga mag-aaral na magagamit nila sa mga gawain tulad ng pag-uulat. Lalo na para sa mga guro ng Filipino, kapaki-pakinabang ang mga nabanggit na kagamitan. Kung mas sanay naman ang guro sa paggamit ng pisara sa paglelektura, magagamit niya ang kagamitang whiteboard na isang birtuwal na pisara. Hindi lamang din ito masusulatan ng mga guro kundi maging ng mga estudyante. Maaaring gamitin ng mga estudyante ang annotation upang makapagsulat-sulat din hindi lamang sa whiteboard, kundi maging sa presentasyon ng guro. Upang mas magkaroon naman ng awtentikong interaksiyon ang isang estudyante sa kaniyang kapwa estudyante, nirerekomenda ng mga sinuring artikulo ang pagkakaroon ng mas maliliit na pangkat sa mga pagsasanay. Maaari pa rin itong gawin sa Zoom sa pamamagitan ng breakout rooms. Kapaki-pakinabang naman ang recording para sa pansariling pag-aaral at pagsasanay ng mga estudyante pagkatapos ng klase. Sa pamamagitan ng recording, madaling mababalikan ng mga estudyante ang mga aralin. Makatutulong din ito sa mga estudyanteng hindi nakadalo sa klase dahil sa mahinang koneksiyon sa Internet.

**Talahanayan 6**

*Mga kagamitang maaaring gamitin ng mga guro sa Zoom*

| Kagamitan | Deskripsiyon |
|---|---|
| **Chat** | Habang nasa meeting, maaaring mag-usap ang mga kalahok sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga mensahe sa chat box. Maaaring pribado (makikita lamang ng isang partikular na kalahok) o panggrupo (makikita ng lahat ng mga kalahok) ang mensahe. |
| **Raise Hand** | Kung may nais sabihin o itanong ang isang kalahok, maaari niyang gamitin ang raise hand feature upang makuha ang atensyon ng host. |
| **Screen Sharing** | Maaaring ibahagi ng host o sinumang kalahok (kung pahihintulutan ng host) ang kanyang screen o isang partikular na window sa iba pang mga kalahok. |
| **Poll** | Sa pamamagitan nito, maaaring bumoto ang mga kalahok at piliin ang kanilang sagot mula sa listahan ng mga opsiyon. |
| **Annotation** | Sa pamamagitan nito, maaaring maglapat ng text o gumuhit ng mga linya at hugis ang host at mga kalahok (kung pahihintulutan ng host) sa ibinabahaging screen ng isang kalahok. |
| **Whiteboard** | Maaaring i-annotate ng mga kalahok ang isang birtuwal na whiteboard. |
| **Breakout Rooms** | Maaaring pagpangkat-pangkatin ang mga kalahok sa mas maliliit na grupo. |
| **Recording** | Maaaring irekord ang meeting sa storage ng kompyuter o sa cloud (online). |

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

**Kongklusyon**

Ang sektor ng edukasyon ang isa sa pinakanaapektuhan ng pandemyang COVID-19. Sa Pilipinas, kung saan patuloy ang pagtaas ng kaso ng sakit, napilitan ding magbago ng dulog at metodo ng pag-aaral dahil hindi pa maaari ang face-to-face o tradisyunal na anyo ng pagkatuto at pagtuturo. Patuloy at hindi kailanman mapipigilan ang pagbabago. Hindi maililingid ang katotohanang naging hamon sa marami ang "new normal" sa pag-aaral. Nang dahil sa hamon na ito, isinilang ang pananaliksik na naglalayong masipat ang gampanin ng isa sa mga sikat na videoconferencing application na Zoom bilang kagamitan sa pagtuturo at pag-aaral ng wika.

Sa pagsusuri ng nilalaman sa piling pag-aaral at literaturang nauugnay sa paksa ng papel, nakita ang iba't ibang temang nangibabaw na maaaring magamit sa pagbuo ng rekomendasyon sa pagtuturo ng asignaturang pangwika gamit ang Zoom. Nariyan na ang pagpapaliwanag sa mismong kahulugan at kalikasan ng synchronous at asynchronous na pagtuturo, mga kagamitan at bagong tuklas na estratehiya na maaaring magamit sa pagtuturo ng wika, mga kadalasang nilalaman ng talastasan sa videoconferencing, kahalagahan ng interaksiyon, at mga isyung teknolohikal. Sa tulong din ng mga pandaigdigang kagawian sa pagtuturo ng wika, nakabuo ng repleksiyon ang mga mananaliksik na maaaring gawing batayan sa mas pagpapabuti ng pagtuturo ng wika sa bansang Pilipinas.

Sa anyong paglalagom, napagtanto sa pag-aaral na mabisa ang video classroom o ang paggamit ng videoconferencing tool sa pag-aaral ng wika dahil sa pagiging akma ng paggamit o integrasyon ng teknolohiya sa edukasyon ng makabagong mundo. Dahil sa mabilis na pagbabago ng lipunan sa paglipas ng panahon, marapat na maging progresibo rin ang paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral, gaya na lamang ng ipinakita ng mga sinuring kaugnay na pag-aaral at literatura. Lubusang nakatutulong ang teknolohiya upang maging aksesibol sa mga mag-aaral ang mga impormasyong mahirap maabot dahil sa layo ng tinitirhan ng mga mag-aaral mula sa sentro at dahil sa mga suliraning pumapailanlang sa estado ng pamumuhay ng mga mag-aaral. Kung susuriin ang paraan kung paano ginamit ng ibang bansa ang mga kagamitan sa videoconferencing, makikitang nilayon din nilang matamo ang mga katulad na kompetensiyang makukuha sa face-to-face na pag-aaral ng wika. Kabilang na rito ang panghihikayat sa mga mag-aaral na makibahagi sa mga usaping may kaugnayan sa mga isyung panlipunan, komprehensibong pagpapahayag ng kanilang mga sariling ideya, pagbibigay ng agarang feedback sa klase, pagtatanong tungkol sa mga konseptong hindi gaanong nauunawaan, at pagsasalita nang malinaw at nasa normal na bilis.

Sa kabila ng mga bentaheng ito, napag-alaman din ng pag-aaral na may mga isyu at suliraninng maaaring makaharap ng mga guro sa wika sa paggamit ng videoconference tool bilang plataporma ng pagtuturo, gaya na lamang ng gastusing kalakip ng pagbili ng gadyet ng mga mag-aaral. Maliwanag na isang palaisipan sa maraming bansa kung paano makalilipat mula sa face-to-face na pagtuturo patungong videoconferencing kung marami sa mga mag-aaral ang walang kakayahang bumili ng mga kagamitang panteknolohiya na siyang pangunahing pangangailangan sa nasabing makabagong paraan ng pagkatuto. Dagdag pa sa mga napag-alamang suliranin sa pag-aaral ang pagkakaroon ng limitasyon sa interaksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral sa kapwa nila mag-aaral at sa kanilang guro. Isa rin sa mga problema ang pagkakaroon ng maayos na koneksiyon sa Internet na kung hindi masosolusyunan ay maaaring makapagdulot ng delay sa komunikasyon. Ang mga nabanggit na suliranin ay ilan lamang sa mga marapat na paghandaan ng bawat bansa upang masabi na sila ay handang-handa na

upang tangkilikin ang videoconferencing bilang kagamitan sa pagtuturo ng wika.

Gayunman, tunay na kailangang maging inobatibo at malikhain ang sistemang pang-edukasyon. Ipinakita rin ng mga literaturang sinuri na may mga paraang ginawa ang mga guro ng wika upang matugunan ang mga suliraning kaakibat ng paggamit ng videoconferencing bilang plataporma sa pagtuturo. Kung pipiliin ang Zoom bilang lunsaran ng pagtuturo ng wika, ipinakita ng mga mananaliksik na marami rin itong mga fityur na lubusang mapakikinabangan sa pagtatamo ng mga tinatarget na kompetensiya. Para sa iba't ibang layunin, maaaring magamit ang "raise hand", chat, screen sharing, poll, annotation, whiteboard, breakout rooms, at recording.

## Rekomendasyon para sa mga Pag-aaral sa Hinaharap

Nagpokus lamang ang papel na ito sa videoconferencing na isang partikular na plataporma ng computer-assisted language learning. Para sa mga susunod na pag-aaral, mainam ding suriin ang sinasabi ng literatura tungkol sa iba pang teknolohiyang maaaring gamitin sa pagtuturo ng wika. Maaari ding iangkop ang metodolohiya ng pag-aaral sa pagsusuri ng literatura tungkol sa paggamit ng videoconferencing sa pagtuturo naman ng iba pang asignatura. Bukod sa pagiging platapormang pang-edukasyon, napansin din sa proseso ng pagpili sa ilalahok na artikulo sa pag-aaral na marami ang artikulong tumatalakay rin sa paggamit ng videoconferencing sa mga serbisyong pangkalusugan. Maaari ding lawakan pa ang saklaw ng sistematikong rebyu ng literatura upang mailahok din ang literaturang grey at iba pang uri ng literatura bukod sa mga artikulo mula sa akademikong dyornal. May implikasyon din ang pag-aaral na ito sa direksiyon na maaaring tahakin ng mga susunod na pananaliksik tungkol sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo sa Pilipinas. Lumitaw sa mga sinuring artikulo ang marami at iba't ibang metodo sa pangangalap at pagsusuri ng datos na maaaring halawin ng iba pang mananaliksik upang suriin naman ang karanasan ng mga Pilipinong estudyante at guro.

## Sanggunian

Abugohar, M. A., Yunus, K., & Rashid, R. A. (2019). Smartphone Applications as a Teaching Technique for Enhancing Tertiary Learners' Speaking Skills: Perceptions and Practices. *International Journal of Emerging Technologies in Learning (IJET)*, *14*(09), 74. https://doi.org/10.3991/ijet.v14i09.10375

Adenegan, K. & Abiodun O. (2018). *Usage of Zoom Cloud Meeting for Virtual Meetings and E-Learning*. The Green Institute. https://greeninstitute.ng/bookchapters/2020/3/22/usage-of-zoom-cloud-meeting

Al-Samarraie, H. (2019). A Scoping Review of Videoconferencing Systems in Higher Education. *The International Review of Research in Open and Distributed Learning*, *20*(3), 122–134. https://doi.org/10.19173/irrodl.v20i4.4037

Altıner, C. (2015). Perceptions of Undergraduate Students about Synchronous Video Conference-based English Courses. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *199*, 627–633. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2015.07.589

Ayoub, J. (2019, November 24). *Effective Use of Zoom Sessions (a Synchronous Learning Strategy) to Foster Success and Motivation of Lebanese University Students in Bekaa: A Case Study*. Awraqthaqafya. https://www.awraqthaqafya.com/601/

Bao, W. (2020). COVID-19 and online teaching in higher education: A case study of Peking University. *Human Behavior and Emerging Technologies, 2*, 113-115. https://doi.org/10.1002/hbe2.191

Bates, A. (2005). *Technology, E-Learning, and Distance Education* (2nd ed.). New York: Routledge.

**DALUMAT E-JOURNAL**
**Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1**

Bautista, V. (1991). Ang Implikasyon sa Disiplina ng Sosyolohiyang para sa Kaunlaran. *Ang Implikasyon Sa Disiplina Ng Sosyolohiyang Para Sa Kaunlaran*, *39*(1/4), 5–9. https://www.jstor.org/stable/23898389

Budiman, A. (2020). THE USE OF ICT IN FOREIGN LANGUAGE LEARNING AND TEACHING. *Journal of Critical Reviews*, *7*(05), 245–261. https://doi.org/10.31838/jcr.07.05.156

Butler, M., & Fawkes, S. (1999). Videoconferencing for language learners. *The Language Learning Journal*, *19*(1), 46–49. https://doi.org/10.1080/09571739985200091

Brahma, D., Chakraborty, S., & Menokee, A. (2020, Abril 2). *The early days of a global pandemic: A timeline of COVID-19 spread and government interventions*. Brookings. https://www.brookings.edu/2020/04/02/the-early-days-of-a-global-pandemic-a-timeline-of-covid-19-spread-and-government-interventions/

Cabigao, J. R. (2012, Enero). *Magsikap. Mamulat. Magsulat. Pagpapaunlad sa Batayang Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-Aaral sa Filipino Baitang 7 (Improving Basic Writing Skills of Grade 7 Students in Filipino)*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/337110884_ACTION_RESEARCH_Magsikap_Mamulat

Candarli, D., & Yuksel, H. G. (2012). Students' Perceptions of Video-Conferencing in the Classrooms in Higher Education. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *47*, 357–361. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2012.06.663

Chen, C., & Lee, T. H. (2011). Emotion recognition and communication for reducing second language speaking anxiety in a web-based one-to-one synchronous learning environment. *British Journal of Educational Technology*, *42*(3), 417–440.

Chinazzi, M., Davis, J., Ajelli, M., Gioannini, C., Litvinova, M., Merler, S., . . . Vespignani, A. (2020). The effect of travel restrictions on the spread of the 2019 novelcoronavirus (COVID-19) outbreak. *Science, 368*, 395-400. https://doi.org/10.1126/science.aba9757

Codreanu, T., & Develotte, C. (2012). How do tutors deliver instruction in the desktop videoconferencing environment? Tutoring practice analysis: Trainee tutors and experienced teachers. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *34*, 45–48. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2012.02.010

Commission on Higher Education (CHED). (2020, Marso 11). *CHED COVID-19 ADVISORY NO. 3*. https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/CHED-COVID-2019-Advisory-No.-3.pdf

Dahlberg, G. M. (2017). A Multivocal Approach in the Analysis of Online Dialogue in the Language- focused Classroom in Higher Education. *Educational Technology & Society*, *20*(2), 238–250. https://www.questia.com/library/journal/1G1-500823934/a-multivocal-approach-in-the-analysis-of-online-dialogue

Dariyemez, T. (2019). Students' Readiness Levels towards Online English Courses in Higher Education. *Atatürk Üniversitesi Sosyal Bilimler Enstitüsü Dergisi Haziran*, *23*(2), 783–795. https://www.semanticscholar.org/paper/Students%E2%80%99-Readiness-Levels-towards-Online-English-Dar%C4%B1yemez/b18bef6de4c65c2910ded37c7737eeb4bffe7552

De Paepe, L., Zhu, C., & Depryck, K. (2017). Online Dutch L2 learning in adult education: educators' and providers' viewpoints on needs, advantages and disadvantages. *Open Learning: The Journal of Open, Distance and e-Learning*, *33*(1), 18–33. https://doi.org/10.1080/02680513.2017.1414586

Dela Rosa, J. P. O. (2016). Experiences, Perceptions and Attitudes on ICT Integration: A Case Study among Novice and Experienced Language Teachers in the Philippines. *International Journal of Education and Development using Information and Communication Technology*, *12*(3), 37-57.

Department of Education (DepEd). (2020, Mayo 5). *Official Statement*. https://www.deped.gov.ph/2020/05/06/official-statement-2/

Department of Health (DOH). (2021, Agosto 16). *Know Your Vaccines (Vaccine Matrix: Current Evidence)*. https://doh.gov.ph/vaccines/know-your-vaccines

________________________. (2022, Pebrero 13). *DOH COVID-19 Bulletin # 701*. https://doh.gov.ph/covid19casebulletin701

Denworth, L. (2020, Hunyo 1). *How the COVID-19 Pandemic Could End.* Scientific American. https://www.scientificamerican.com/article/how-the-covid-19-pandemic-could-end1/

Dias, M. D. O., Lopes, R. D. O. A., & Teles, A. C. (2020). Will Virtual Replace Classroom Teaching? Lessons from Virtual Classes via Zoom in the Times of COVID-19. *Journal of Advances in Education and Philosophy*, *4*(5), 208-2013. DOI: 10.36348/jaep.2020.v04i05.004

Dooly, M. & Davitova, N. (2018). What Can We Do to Talk More: Analysing Language Learners Online Interaction. *Hacettepe University Journal of Education*, 1–23. https://doi.org/10.16986/huje.2018038804

Enitan, S. S., Ibeh, I. N., Oluremi, A. S., Olayanju, A. O., & Itodo, G. E. (2020). The 2019 Novel Coronavirus Outbreak: Current Crises, Controversies and Global Strategies to Prevent a Pandemic. *International Journal of Pathogen Research, 4*(1), 1-16. https://doi.org/10.9734/ijpr/2020/v4i130099

Escobar Fandiño, F. G., & Silva Velandia, A. J. (2020). How an online tutor motivates E-learning English. *Heliyon*, *6*(8), e04630. https://doi.org/10.1016/j.heliyon.2020.e04630

Fernandes, N. (2020, Marso 23). *Economic Effects of Coronavirus Outbreak (COVID-19) on the World Economy*. SSRN. https://ssrn.com/abstract=3557504

Garet, M. S., Cronen, S., Eaton, M., Kurki, A., Ludwig, M., & Jones, W. (2008). *The impact of two professional development interventions on early reading instruction and achievement*. Washington, DC: Institute of Education Sciences. (NCEE 2008–4030). Report prepared for the Institute of Education Sciences.

Ge, Z. (2012). Cyber Asynchronous versus Blended Cyber Approach in Distance English Learning. *International Forum of Educational Technology and Society*, *15*(2), 286–297. https://eric.ed.gov/?id=EJ988468

Ge, Z., Zhang, A., Li, Y., & Su, J. (2019). Exploring the Impact of Teachers' Verbal Immediacy as an Emotion Mediating Factor on Adult E-learners' Language Learning. *Educational Technology & Society*, *22*(4), 77–89. https://eric.ed.gov/?id=EJ1250440

Guichon, N. (2010). Preparatory study for the design of a desktop videoconferencing platform for synchronous language teaching. *Computer Assisted Language Learning*, *23*(2), 169–182. https://doi.org/10.1080/09588221003666255

Guzacheva, N. (2020). Zoom Technology as an Effective Tool for Distance Learning in Teaching English to Medical Students. *Pedagogical Sciences*, 6(5), 457-460. https://doi.org/10.33619/2414-2948/53/61

Habibi, R., Burci, G., de Campos, T., Chirwa, D. Cina, M., Dagron, S., . . . Hoffman, S. (2020). Do not violate the International Health Regulations during the COVID-19 outbreak. *The Lancet, 395*, 664-666. https://doi.org/10.1016/S0140-6736(20)30373-1

Ho, W. Y. J. (2019). 'I knew that you were there, so I was talking to you': the use of screen-recording videos in online language learning research. *SAGE*, 1–20. https://doi.org/10.1177/1468794119885044

Huang, H.-T. D., & Hung, S.-T. A. (2013). Exploring the utility of a video-based online EFL discussion forum. *British Journal of Educational Technology*, *44*(3), E90–E94.

https://doi.org/10.1111/j.1467-8535.2012.01373.x

Iqbal, M. (2020). *Zoom Revenue and Usage Statistics (2020)*. BusinessofApps. https://www.businessofapps.com/data/zoom-statistics/

Jamieson, J. & Chapelle, C. A. (2010). Evaluating CALL Use across Multiple Contexts. *System*, *38*, 357-369.

Jauregi, K., Graaff, R., & van den Bergh, H. (2012). Learning by doing: Promoting language teacher competencies for networked teaching and learning. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *34*, 116–121. https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1877042812003291

Kent, D. (n.d.). *The History of Eric Yuan's Zoom*. Mio Dispatch. https://dispatch.m.io/eric-yuan-zoom/

Klimova, B. F., & Kacetl, J. (2015). Hybrid Learning and its Current Role in the Teaching of Foreign Languages. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *182*, 477–481. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2015.04.830

Kozar, O. (2012). Use of synchronous online tools in private English language teaching in Russia. *Distance Education*, *33*(3), 415–420. https://doi.org/10.1080/01587919.2012.723164

________. (2015). Discursive practices of private online tutoring websites in Russia. *Discourse: Studies in the Cultural Politics of Education*, *36*(3), 354–368. https://doi.org/10.1080/01596306.2013.871238

Krutka, D., & Carano, K. (2016). Videoconferencing for global citizenship education: Wise practices for social studies educators. *Journal of Social Studies Education Research,* *7*(2), 109-136. http://jsser.org/index.php/jsser/article/view/176/169

Lenkaitis, C. A., Hilliker, S. M., & Roumeliotis, K. (2020). Teacher Candidate Reflection and Development Through Virtual Exchange. *IAFOR Journal of Education*, *8*(2), 125–139. https://doi.org/10.22492/ije.8.2.07

Levy, M. (1997). *CALL: Context and Conceptualisation*. Oxford: Oxford University Press.

Liu, X. (2018). Impact of Computer Remote Education on CLL Learning and Solutions. *International Journal of Emerging Technologies in Learning (IJET)*, *13*(03), 114. https://doi.org/10.3991/ijet.v13i03.8387

Maldow, D. (2013, Enero 27). *Zoom's Full Featured UME Videoconferencing Platform Exceeds Expectations*. Telepresence Options. http://www.telepresenceoptions.com/2013/01/zooms_full_featured_ume_videoc/

Morris, B. (2020, Mayo 27). *Why does Zoom exhaust you? Science has an answer*. The Wall Street Journal. https://www.wsj.com/articles/why-does-zoom-exhaust-you-science-has-an-answer-11590600269

Motteram, G. (2019). Videoconferencing Tools as Mediating Artefacts in English Language Teacher Development in Challenging Contexts. *The Journal of Educators Online*, *16*(1). https://doi.org/10.9743/jeo.2019.16.1.10

Motteram, G., Dawson, S., & Al-Masri, N. (2020). WhatsApp supported language teacher development: A case study in the Zataari refugee camp. *Education and Information Technologies*. https://doi.org/10.1007/s10639-020-10233-0

Newsbytes. (2020, Mayo 1). *Survey: Zoom is top video messaging tool in PH during pandemic*. http://newsbytes.ph/2020/05/01/survey-zoom-is-top-video-messaging-tool-in-ph-during-pandemic/

Nuncio, R. V. (2019). The State of Youth Internet Studies in the Philippines: Implications for Future Research and Policy Studies. Nasa R. B. Lee & C. J. Maraan (Mga pat.), *Revving Up Research Innovations for Social Development: Methods and Perspectives* (pp. 273-307). Manila: De La Salle University Publishing House.

Petras, J. (2012). E-Filipino: Ang Pagtuturo at Pagkatuto ng/sa Wikang Filipino Sa Sistemang Open and Distance Learning. *Dalumat Ejournal*, *3*(1), 1–14. https://ejournals.ph/article.php?id=6215

Pomino, J., & Gil-Salom, D. (2016). Integrating E-tandem in Higher Education. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *228*, 668–673. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2016.07.102

Prado, C., & Barros, T. (2020). *Online Interaction and Motivation in Additional Language Teaching: Who Does It Best?*. Academia. https://www.academia.edu/43539580/Online_Interaction_and_Motivation_in_Additional_Language_Teaching_Who_Does_It_Best

Reyno, D. (2018, Agosto 14). *Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Bata*. Ateneo de Manila University. https://www.ateneo.edu/grade-school/news/features/ang-kahalagahan-ng-pagtuturo-ng-wikang-filipino-sa-mga-bata

Ross, A., & DiSalvo, M. (2020). Negotiating displacement, regaining community: The Harvard Language Center's response to the COVID-19 crisis. *American Council on the Teaching of Foreign Languages*, *N/A*, 371–379. https://doi.org/10.1111/flan.12463

Rusk, F., & Pörn, M. (2019). Delay in L2 interaction in video-mediated environments in the context of virtual tandem language learning. *Linguistics and Education*, *50*, 56–70. https://doi.org/10.1016/j.linged.2019.02.003

Sert, O., & Balaman, U. (2018). Orientations to negotiated language and task rules in online L2 interaction. *ReCALL*, *30*(3), 355–374. https://doi.org/10.1017/s0958344017000325

Sevilla-Pavón, A. (2018). L1 versus L2 online intercultural exchanges for the development of 21st century competences: The students' perspective. *British Journal of Educational Technology*, *50*(2), 779–805. https://doi.org/10.1111/bjet.12602

Shishkovskaya, J., Bakalo, D., & Grigoryev, A. (2015). EFL Teaching in the E-Learning Environment: Updated Principles and Methods. *Procedia - Social and Behavioral Sciences*, *N/A*, 199–204. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2015.10.007

Stockwell, G. & Hubbard, P. (2013). *Some emerging principles for mobile-assisted language learning*. Monterey, CA: The International Research Foundation for English Language Education. https://www.tirfonline.org/wp-content/uploads/2013/11/TIRF_MALL_Papers_StockwellHubbard.pdf

United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO). (2020, Marso 24). *COVID-19 Educational Disruption and Response*. https://en.unesco.org/covid19/educationresponse

Uzunboylu, H. & Ozcinar, Z. (2009). Research and trends in computer-assisted language learning during 1990–2008: Results of a citation analysis. *Egitim Arastirmalari-Eurasian Journal of Educational Research*, *34*, 133-150.

Van der Zwaard, R., & Bannink, A. (2019). Negotiation of Meaning in Digital L2 Learning Interaction: Task Design Versus Task Performance. *TESOL Quarterly*, *54*(1), 56–89. https://doi.org/10.1002/tesq.537

Vasquez III, E., & Slocum, T. (2012). Evaluation of Synchronous Online Tutoring for Students at Risk of Reading Failure. *Council of Exceptional Children*, *78*(2), 221–235. https://journals.sagepub.com/doi/10.1177/001440291207800205

Vernon-Feagans, L., Bratsch-Hines, M., Varghese, C., Bean, A., & Hedrick, A. (2015). The Targeted Reading Intervention: Face-to-Face vs. Webcam Literacy Coaching of Classroom Teachers. *Learning Disabilities Research & Practice*, *30*(3), 135–147. https://doi.org/10.1111/ldrp.12062

Viner, R. M., Russell, S. J., Croker, H., Packer, J., Ward, J., Stansfield, C., . . . Booy, R. (2020). School closure and management practices during coronavirus outbreaks including COVID-19: A rapid systematic review. *The Lancet Child & Adolescent Health, 4*(5), 397-404. https://doi.org/10.1016/S2352-4642(20)30095-X

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

Wang, R. (2019). Massive Open Online Course Platform Blended English Teaching Method Based on Model-View-Controller Framework. *International Journal of Emerging Technologies in Learning (IJET)*, *14*(16), 188. https://doi.org/10.3991/ijet.v14i16.11151

Wang, Y. (2006). Negotiation of meaning in desktop videoconferencing-supported distance language learning. *ReCALL*, *18*(1), 122-146. DOI: 10.1017/S0958344006000814

Wang, Y. and Nian-Shing, C. (2011, Abril). *Online Synchronous Language Learning: SLMS over the Internet*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/29466793_Online_Synchronous_Language_Learning_SLMS_over_the_Internet.

Wang, Y., Fang, W.-C., Han, J., & Chen, N.-S. (2016). Exploring the affordances of WeChat for facilitating teaching, social and cognitive presence in semi-synchronous language exchange. *Australasian Journal of Educational Technology*, 18–34. https://doi.org/10.14742/ajet.2640

Wiederhold, B. K. (2020). Connecting Through Technology During the Coronavirus Disease 2019 Pandemic: Avoiding ‘‘Zoom Fatigue’’*. Cyberpsychology, Behavior, And Social Networking,* *23*(7), 437-438. 10.1089/cyber.2020.29188.bkw

World Health Organization (WHO). (2020, Marso 11). *Coronavirus disease 2019 (COVID-19): Situation Report, 51*. https://apps.who.int/iris/handle/10665/331475

______________________________. (2021a, Disyembre 23). *Coronavirus disease (COVID-19): How is it transmitted?*. https://www.who.int/news-room/questions-and-answers/item/coronavirus-disease-covid-19-how-is-it-transmitted

______________________________. (2021b, Mayo 13). *Coronavirus disease (COVID-19)*. https://www.who.int/news-room/questions-and-answers/item/coronavirus-disease-covid-19

______________________________. (2022a, Pebrero 3). *Tracking SARS-CoV-2 variants*. https://www.who.int/en/activities/tracking-SARS-CoV-2-variants/

______________________________. (2022b, Pebrero 15). *Weekly epidemiological update on COVID-19 - 15 February 2022*. https://www.who.int/publications/m/item/weekly-epidemiological-update-on-covid-19---15-february-2022

Wu, W., Yen, L., & Marek, M. (2011). Using Online EFL Interaction to Increase Confidence, Motivation, and Ability. *Educational Technology & Society*, *14*(3), 118–129. https://eric.ed.gov/?id=EJ963205

Zafra, G. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). *Katipunan: Journal Ng Mga Ng Mga Pag-Aaral Sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, *1*, 4–28. https://doi.org/10.13185/kat2016.00102

Zamorshchikova, L., Egorova, O., & Popova, M. (2011). Internet Technology-Based Projects in Learning and Teaching English as a Foreign Language at Yakutsk State University. *International Review of Research in Open and Distance Learning*, *12*(4), 72-76.

DALUMAT E-JOURNAL
Isyu 2022, Tomo 8, Blg. 1

**Bionote**

Si **Jay Israel B. De Leon** ay tubong Pandi, Bulacan. Kasalukuyan siyang guro ng mga asignatura sa humanidades at agham panlipunan sa senior high school. Nagtapos siya ng Bachelor of Arts in History, *magna cum laude*, sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman noong 2018, at kasalukuyan niyang tinatapos ang programang Master ng Sining sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle-Maynila. Ang kaniyang tesis masterado ay isang diyalohikong pagbasa sa mga buhay-intelektuwal at kaisipan ng mga lingguwistang Pilipino hinggil sa wikang pambansa, mga wikang katutubo ng Pilipinas, at wikang panturo sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas gamit ang pilosopikal na hermeneutika bilang lente. Kabilang sa mga interes niya sa pananaliksik ang kasaysayang intelektuwal, pagpaplanong pangwika, araling pagsasalin, at biograpikal na pananaliksik. Nailathala na ang ilan sa kaniyang mga naisulat na artikulo sa mga lokal na refereed journal.

Si **Oliver Z. Manarang** ay nakapagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in Filipino sa Mabalacat City College noong 2018 bilang *summa cum laude*. Hinirang siya bilang isa sa Ten Outstanding Students of the Philippines ng Region 3. Kinilala rin siya bilang Journalist of the Year sa kaniyang kolehiyo at finalist sa iKabataan Ambassador ng Wika 2019 ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Siya ngayon ay kasalukuyang lisensiyadong guro sa Holy Family Academy-High School Department, Angeles City at kasalukuyang tinatapos ang kaniyang tesis bilang gradwadong mag-aaral ng Master ng Sining sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle-Maynila.

Si **Nixon Paul J. Sumaoang** ay kasalukuyang guro sa Operation Brotherhood Montessori Center-Sta. Ana Campus. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Santo Tomas sa kursong Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino noong 2018. Nakapagbahagi na siya ng kaniyang mga pananaliksik sa mga pandaigdigang kumperensiya tulad ng “Ang Persepsyon ng mga guro sa Filipino sa Senior High School batay ng kanilang Kakayahan at Kahandaan sa Pamantayang itinakda ng CHED sa Metro Manila” sa Ikalawang Internasyonal na Kumperensiya sa mga Araling Filipino at Asyano noong Mayo 3-5, 2017 sa Lungsod Baybay, Leyte. Nakapaglathala na rin siya ng artikulo sa *Hasaan* noong 2021 na pinamagatang “Pagsusuring Moral sa mga Pilíng Tagpo sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo”. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kaniyang tesis bilang gradwadong mag-aaral ng Master ng Sining sa Araling Filipino-Wika, Kultura, Midya sa Pamantasang De La Salle-Maynila.